


# ULÓS

PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA DEMOKRATIKONG KILUSAN

DISYEMBRE 2008

2008 **ULOS** DISYEMBRE

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)

## Hinggil sa Pabalat

*Ang pabalat sa isyung ito ay nagpapakita ng mga imahe at simbolo ng Partido. Ang bandila ng Partido, ay kumakatawan sa pagkakaisa ng uring manggagawa (na simbolo ay maso) at magsasaka (na simbolo ay karet). Ang armas at iba pang kagamitan ng Hukbo (gaya ng duyan, tali at pak) ay kumakatawan sa matagalang digmang bayan. Ang pagpapataas ng pang-ideolohiya at pampulitikang kamulatan ay kinakatawan ng mga babasahin at dokumento ng Partido na makikita sa papag, gaya ng: Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Mga Espesyal na Kursong Masa, Batayang Kurso ng Partido, Muling Pagtibayin ang ating mga Batayang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali, Ang Rebolusyon at Ang Bayan. Sa likod na pabalat, makikita ang gitara, songbook, rosas at mga gamit pang-medikal na kumakatawan sa rebolusyong pangkulturang isinusulong kasabay ng digmang bayan. Ang mga luma at bagong larawan ng pakikibaka ay nagpapakita ng nagpapatuloy na rebolusyong Pilipino.*




ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG ULOS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

HTTP://WWW.GEOCITIES.COM/ARMASULOS; HTTP://WWW.PHILIPPINEREVOLUTION.NET

# Nilalaman


Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! (1968-2008), *mula sa Patnugutan ng **ULOS*** 5

Mga Pangkulturang Simbolo sa Panitikan at Sining Biswal ng Rebolusyunaryong Kilusan, *ni Mario Angelo* 8

Perseverando Enguerra, *Panayam ng **ULOS*** 14

Ka Gusting, *ni Ting Remontado* 21

Welga, *ni Angel Fuerte* 32

Magsasaka: Ang Bayaning Di-Kilala, *likha ng isang magsasaka* 33

Mga Bakod sa Dagat, *likha ng isang mangingisda* 36

Halika Kasamang Bel, *ni Ditan Dimase* 38

Lumaya Ka, Manggagawa, *ni Renato Pineda* 44

Pagpatag ng Tatlong Bundok, *likha ng isang magsasaka* 45

Pag-alpas sa Konserbatismo, *ni Emil Magalat* 48

Tres-Otso sa Ikatatlumpu, *ni Mario Ruso* 50

Sa Isang Manggagawa na Nagtungo sa Kanayunan, *ni Felipe Montanes* 52

Kasama, *ni Virginia Altamonte* 55

Ang Giya, *ni Emmanuel Gatlabayan II* 68

Ang Tulang Patalim, *ni Jose Maria Sison* 69

Linyang Masa, *ni Clarita Roja* 72

Sa Aking Asawa, *ni Sylvia Madiaga* 74

Ang Kabiguan ay may Pangakong Tagumpay, *ni Wilfredo Gacosta* 78

Paalala kay Madlangbayan (Sa Mga Kasamang Nagdadalawang-isip), *ni Celso Sinag* 80

Apatnapung Taon!, *ni Kasamang Helena at Yona* 81

Pasasalamat


MABUHAY ANG
MARXISMO
LENINISMO,
MAOISMO

# Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! (1968-2008)

Mula sa Patnugutan



*Mula sa Ilocos-Kordilyera*

Ang isyung ito ng ***Ulos*** ay nagbibigay-pugay sa apatnapung (40) taon ng maningning na pamumuno ng muling-tatag na Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa rebolusyong Pilipino. Ang ating Partido ay dumanas ng maraming pagsubok at paghihirap, ngunit katulad ng isang matatag na puno, ito ay nakatindig pa rin at masaganang namumunga. Dahil ito ay nakaugat sa masa at sa tamang linya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM).

Muling itinatag ang PKP noong ika-26 ng Disyembre 1968, sa patnubay ng MLM, at sa pangkalahatang pampulitikang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa ilalim ng bandila ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay tinukoy, pinuna at tinakwil ang mga pagkakamali at kakulangan ng lumang Partido Komunista (mula 1930) at ng kasunod nitong pinagsanib na Partido (Partido Komunista ng Pilipinas-Partido Sosyalista ng Pilipinas mula 1938). Sumulong, umunlad at lumakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa.

Ngunit simula huling bahagi ng dekada '70 ay nagsimulang lumitaw sa loob ng Partido ang mga pag-aalinlangan sa katangian ng lipunang Pilipino at sa teorya at estratehikong linya ng digmang bayan. Kasabay ng paglakas ng rebolusyonaryong kilusan noong 1980-1985, lumakas din ang "Kaliwang" oportunistang linya ("regularisasyon" at insureksyunismong lunsod), at kalaunan ang Kanang oportunistang linya (paglilikida sa pamumuo ng Partido sa loob

ng nagkakaisang prente) at rebisyunismo (Gorbachovismo). Dahil dito ay dumanas ng pinsala at pag-atras ang Partido at rebolusyonaryong kilusan mula 1985 hanggang 1990.


Inilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1992. Sa kalakhan at sa esensya, ito ay isang kilusang-pag-aaral ng teorya at praktika ng MLM. Matatag na nagkaisa ang mga kadre at kasapi ng Partido na tukuyin, punahin at iwaksi ang malubha at matagal nang mga paglihis, pagkakamali at pagkukulang. Muling pinagtibay sa IDKP ang sampung (10) saligang prinsipyo ng Partido:

1. Integrasyon ng unibersal na teorya ng MLM sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino
2. Pagbatikos at pagtakwil sa modernong rebisyunismo
3. Marxistang pagsusuri na malakolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunang Pilipino
4. Pangkalahatang linyang bagong demokratikong rebolusyon
5. Talibang destakamento ng proletaryado at mamamayang Pilipino ang Partido Komunista ng Pilipinas
6. Linya at estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan; malaganap na pakikidigmang gerilya batay sa paglawak at paglalim ng baseng masa
7. Rebolusyonaryong linya sa uri sa nagkakaisang prente
8. Demokratikong sentralismo
9. Sosyalistang perspektiba ng pambansa-demokratikong rebolusyon
10. Proletaryong internasyunalismo

Sa ilalim ng bandila ng IDKP ay muling sumulong, umunlad at lumakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa. Sa loob lamang ng ilang taon ay lumawak ang latag ng

rebolusyonaryong kilusan nang higit pa sa pinakamalawak na inabot nito bago ang IDKP. Hanggang ngayon ay lumalawak at lumalakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan dahil sa mahigpit na pagtangan sa mga saligang prinsipyo ng Partido.

Sa mahabang kasaysayan ng Partido, ang kanyang pagsulong o pag-atras ay nakabatay sa mahigpit o maluwag na pagtangan sa mga saligang prinsipyo ng Partido. Ang una at ikalawang mga Kilusang Pagwawasto ay inilunsad batay sa mga prinsipyong ito, kung kaya't tumpak na natukoy, napuna at naiwasto ang mga paglihis at pagkakamali, at masiglang sumulong at lumakas ang Partido. Napakahalaga ng mga batayang prinsipyo ng Partido dahil ito ang buhay na paglalapat ng prinsipyo ng MLM sa kalagayan ng lipunang Pilipino.




Ang mga obra sa isyung ito ng ***Ulos*** ay nagbibigay-buhay sa mga batayang prinsipyong ito sa anyo ng tula, awit, kwento, sanaysay, dibuho at larawan. Nilikha ito ng masa ng rebolusyon, mga kasapi at kadre ng Partido, at ng Hukbo, mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas at sa iba't ibang panahon sa buhay ng Partido. Pinapatunayan sa mga obrang ito na ang papel ng rebolusyonaryong sining at panitikan ay lagpas sa simpleng pagsasalarawan ng kanyang panahon. Higit sa lahat, mahalaga ang pagsasatinig ng tumpak na pampulitikang nilalaman sa pinakamasining na paraan, sa anumang panahon. Sa gayon, ang mga obra na may ganitong katangian ay laging napapanahon.

Ang mga obra sa isyung ito ay ilan lamang sa napakaraming huwarang obrang nalikha sa gitna ng digmang bayan, sa mahabang panahon. Ang mga ito ay munting ambag lamang sa pagpapalaganap ng mga huwarang rebolusyonaryong obra ng sining at panitikan.

**Iniaalay ang isyung ito sa sambayanang Pilipino, sa mga kasapi at kadre ng Partido, at sa lahat ng martir ng Partido, ng Hukbo at rebolusyonaryong kilusan—sila ay inspirasyon sa pakikibaka at bukal ng mga rebolusyonaryong likha.**

# Mga Pangkulturang Simbolo sa Panitikan at Sining Biswal ng Rebolusyonaryong Kilusan

Ni Mario Angelo

Ang simbolo ay tumatayo o humahalili sa isang bagay, sitwasyon, damdamin at sensibilidad ng isang tao, komunidad, at lipunan. Karaniwan, ang simbolo ay nalilikha dahil sa kolektibong pagkaunawa at pagkakaisa sa kaugnay na kahulugan nito -- ito man ay sa paraang denotasyon (tunay na kahulugan) o konotasyon (pakahulugan).

Sa mahabang kasaysayan ng panitikan at sining biswal na nalikha at patuloy na nililikha ng rebolusyonaryong kilusan, ang mga simbolo o imaheng ito ay nagpapatuloy at nanunuot sa kamalayan ng mga mambabasa o *audience*.

Ito ang paksa ng artikulong ito.

**Ang Ibon**



*mula sa koleksyon ng Kordilyera*

Karaniwan nang sinisimbolo ng ibon ang kalayaan. Halimbawa, makikita ito sa popular na awit na "Bayan Ko" na may linyang *"Ibon mang may layang lumipad, kulungin mo at pumipiglas; Bayan pa kayang sakdal dilag, ang 'di magnasang makaalpas."* Higit na tatampok ang adhikaing kalayaan na simbolo ng ibon lalupa't kung ang gagamiting imahen ay ang "maya" o "pipit" na

nagpapahiwatig sa pagiging katutubo o likas ng imaheng ito sa kasaysayan at kamalayan ng mamamayan.

Gayunman, kung ang ibon ay may positibong kahulugan na "makaalpas" o "lumaya," kabaliktarang imahen naman nito ang mga ibon na "lawin" at "agila." Sa tradisyon ng malikhaing pagpapahayag kapwa sa panitikan at sining biswal, ang "lawin" at "agila" ay nagkaroon ng katangian bilang "bantay-salakay (*predator* o maninila)" o "kumakain, dumadagit at nangsasakmal ng mas maliit na ibon." Ganito ang naging kahulugang imahen ng lawin na itinatambis sa imperyalismong US na nananalasa at nangongolonya ng mga maliliit na bansa. Halimbawa nito ang editoryal na "Ibong Mandaragit" ni Teodoro M. Kalaw (El Renacimiento, 1908) na may mga linyang sumusunod: *"Ngunit may mga tao na bukod sa pagiging agila ay may katangian ding angkin ng bwitre, kuwago at bampira…May mga mata siyang singtalas ng mga ibong mandaragit. Hinahanap niya ang imbakan ng mga gintong nakatago sa mayayamang bundok. Pagkatapos, aangkinin niya ang mga ito…"*

**Ang Araw**

Sumisimbolo ang araw sa "liwanag," "bagong simula," o "bagong buhay." Higit itong tatampok kapag ginamit ang "bukang-liwayway" at sa linya, halimbawa, *"Kapag pumutok ang araw sa silangan, malapit na ang tagumpay."*



*mula sa ULOS 1998*

Simbolo din ng Partido ang "araw", katulad halimbawa kung paano ito ginamit sa awit na "Ang Gabay" na may mga linya gaya ng sumusunod: *"Tumatagos sa diwa ang iyong pagsikat; Nagsisilbing gabay ang iyong liwanag."*

Naging kaugnay na kahulugan at konotasyon din ng "araw" ang "init ng determinasyon o paninindigan."




mula sa koleksyon ng Kordilyera

## Ang Karet at Maso

Simbolo sa uring manggagawa at magsasaka na pangunahin at mapagpasya sa pagbabago at rebolusyon. Makikita ang mga simbolong ito sa mismong bandila ng Partido.

## Ang Bundok




mula sa ULOS Bikol 2004

Sa isang banda, simbolo ito sa "dalamhati, bigat ng mga alalahanin at pasanin," katulad halimbawa kung paano ito ginamit ni Tagapangulong Mao para isalarawan ang pagkamatay ni Norman Bethune na *"kasimbigat ng Bundok Tai,"* at para isalarawan ang mga batayang suliranin ng lipunang Tsino sa artikulong "Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng Bundok". Gayunman sa kabilang banda at positibong konotasyon nito, "kanlungan at pugad" ito ng rebolusyonaryong pakikibaka. Makikita ito sa awit na "Moog na Bakal" na may linyang: *"Kordilyera, Sierra Madre, moog na bakal sa piling ng mamamayan, base ng Hukbong Bayan."*

## Ang dagat at isda

Simbolo ang dagat sa "taumbayan o masa" samantalang ang isda naman ay ang "Bagong Hukbong Bayan." Kung paanong nabubuhay ang isda sa dagat, ganundin ang BHB na nabubuhay sa suporta at pakikiisa ng masa.



mula sa ULOS 2002

## Nakakuyom na kamao

Simbolo ng matibay na paninindigan at prinsipyo, lalupa't nakataas at waring sumusuntok sa hangin.



*mula sa ULOS 1999*

**Kadena**

Sa isang banda, simbolo ito ng "tanikala o pagkapiit" pero sa kabilang banda simbolo rin ito ng "mahigpit na pagkakaisa at pagkakabigkis-bigkis" o kaya ay "paglaban" kapag ang kadena ay nilalagot. Makikita ito sa awit/tula na "Lumuha Ka Aking Bayan" na may linyang *"at ang lumang tanikala ay lalagutin mo ng punglo."*

**Pulang tala**

Simbolo ng rebolusyonaryong optimismo at ng Partido.



*mula sa koleksyon ng Kordilyera*

**Daluyong/Bagyo/Sigwa**

Simbolo sa "malawakang pagkilos" ng mamamayan tulad ng Sigwa ng Unang Kwarto na naganap noong Dekada '70.

**Aso/tuta**


Sumisimbolo sa reaksyunaryong estado na sagad na sunud-sunuran sa imperyalistang US.




*mula sa ULOS Bikol 2004*

**Kulay na pula**

Simbolo ito ng "militante, rebolusyonaryo, matibay at masidhing pakikibaka at paninidigan," "rebolusyonaryong pagbabago," at kulay ng "komunismo at sosyalismo", na makikita sa mga awit na "Pulang Landas ng Tagumpay", "Bandilang Pula", at "Pulang Paaralan".



mula sa ULOS Kordilyera 2008

**Lupa**

Simbolo sa "rebolusyong agraryo" at "buhay," na makikita sa linyang *"Sa kanayunan, bawat bungkal ng lupa'y paghihimagsik, naipupunla"* sa kantang "Awit ng Magsasaka."

**Baril/Armas**



mula sa ULOS 1997

Simbolo sa armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng pakikibaka para sa pagbabago at rebolusyong Pilipino.

**Mangga**

Simbolo ng "pananabik na makabalik sa lupang sinilangan," gaya ng paglalarawan sa tulang "Minsan, ang Puso ay Nananabik sa Mangga" ni Jose Maria Sison.

**Palay na nakayuko**

Simbolo sa pagiging mapagkumbaba ng BHB.



mula sa ULOS Samar 2000

Ang nabanggit na mga simbolo ay ilan lamang sa mga imahen na nagkaroon ng kolektibong kamalayan sa panitikan at sining biswal. Mapapansin na ang ibang imahen ay may magkakambal na kahulugan -- kapwa positibo at negatibo -- dulot na rin ng kolektibong pagkaunawa ng mamamayan.

Kinalaunan, maaari pang mapayaman ang mga imaheng ito depende sa konteksto ng tula o pagkasalansan at pagkabuo ng mga elemento ng isang likhang sining. Tungkulin ito ng

artista at makata. Ngunit sa bandang huli, kailangang mulat o nakatuntong ang manlilikha sa lipunan at masang kanyang ginagalawan at hinahalawan ng likhang sining. Ganito ang resiprokal o mutwal na ugnayan ng manlilikha at *audience.* Sapagkat ang rebolusyonaryong likhang sining ay magtatagal lamang sa isip at naisasabuhay ng mamamayan kung sila mismo ay nakikiisa sa mga rebolusyonaryong imahen at simbolo ng malikhaing pagpapahayag.

# Perseverando Enguerra

## Panayam sa isang Kadre ng Partido

Ipinanganak ako sa Bikol, sa isang pamilyang nasa panggitnang saray ng petiburgesya.

Isang Mason ang aking ama at isang relihiyosang Katoliko ang aking ina. Sila ang unang nagturo sa akin kung ano ang tama at mali, ang mabuti at masama. Bata pa ako, narinig ko na sa kanila ang mga kabulukan at katiwalian sa pamahalaan at lipunan. Napansin ko na rin ang agwat sa pagitan ng mga mayaman at mahirap sa aking mga kalaro at kaklase.

Noong Marso1970, tinangka ng dalawang kongresman na hatiin ang aming probinsya para sa kanilang pampulitikang pakinabang. Nilabanan ito ng mamamayan. Nagkaroon ng sunud-sunod na rali at demonstrasyon. Pinasista ng isang kongresman at ng kanyang *goons* ang isa sa mga aktibidad na ito. Isa ako sa mga nahuli at sinaktan ng kaaway. Dito ako nagsimulang mamulat. Nang sumunod na taon, naging kasapi ako ng KM[1].

Noong Nobyembre 1971, ilang buwan pagkatapos suspendihin ni Marcos ang *Writ of Habeas Corpus* , inalok ako ng isang kasamang NPA na sumampa na sa hukbo. Hindi ako nagdalawang-loob na sumang-ayon. Pangarap ko talagang maging isang mandirigmang naglilingkod sa masa. Nagpaalam ako sa aking ina na luluwas ng Maynila para dumalo sa isang treyning sa sining ng NPAA[2]. Pero dumaan ang mahigit walong taon saka kami muling nagkita ng aking ina - sa isang sonang gerilya sa kanayunan.

*Ako si Perseverando Enguerra, isang Hukbo.*

Sa pagsampa sa hukbo, napabilang ako sa isa sa mga unang

1 Kabataang Makabayan
2 NPAA - Nagkakaisang Progresibong Artista - Arkitekto

SYP[3] ng rehiyon. Dumanas kami ng matinding kahirapan sa pagkilos bunga ng masisinsing operasyon ng kaaway, pero masayang-masaya ako dahil natupad na rin sa wakas ang aking pangarap na mapabilang sa hukbo sa piling ng masa.


*mula sa ULOS 1982*

Sa Hukbo, natutunan ko kung paano makipamuhay sa piling ng masang magsasaka, sumalig at magtiwala sa kanilang kakayahang maging bahagi ng rebolusyon at ipagtagumpay ito. Natuto ako sa kanilang mga karanasan sa pakikibaka laban sa pang-aapi at pagsasamantala sa kanila ng uring panginoong maylupa. Gamit ang Marxismo, nakipag-aralan ako sa mga kasama at sa masa kung paano pukawin, organisahin at pakilusin ang uring magsasaka para sa anti-pyudal na pakikibaka at kung paano ito ikakawing sa anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka.

Natuto rin ako sa mga kasama at sa sariling karanasan kung paano harapin at labanan ang mga pasistang tropa ng kaaway. Dito rin ako natutong gumampan sa gawaing alyansa sa hanay ng mga mapagkaibigan sa rebolusyon.

*Ako si Perseverando Enguerra, isang Partidista.*

Pagkaraan ng mahigit isang taon, inanyayahan ako ng aming CO[4] na pumaloob sa Partido. Nag-atubili ako sa paanyayang ito dahil ramdam kong hindi pa ako karapat-dapat na maging kasapi o komunista. Sa paliwanag ng aming CO, nakumbinsi akong pumaloob sa Partido.

3 SYP - Sandatahang Yunit Pampropaganda
4 CO - Commanding Officer

Kaming mga baguhang hukbo ay maagang "naulila" sa mga namumunong kasamang kadre (CO at PO[5]). Sunud-sunod silang napatay sa mga depensibang labanan dulot ng mga kubkob ng kaaway. Isa ako sa mga kasama na kinailangang magsabalikat ng mabibigat na responsibilidad sa kabila ng pagiging bagung-bago pa sa hukbo.

Isa dito ay gawaing edukasyon para sa mga kapwa ko mandirigma. Ako rin ang tumayo bilang PO ng yunit nang mamatay sa mga labanan ang aming CO at PO. Katuwang ang humaliling CO at VCO[6] ng yunit, nanguna ako sa pagpapatuloy ng pagpapalawak sa mga baryong saklaw ng sonang gerilyang aming kinatalagahan. Matagal kaming nawalan ng kontak sa pamunuan ng probinsya at iba pang mga yunit ng hukbo ngunit nagpatuloy kami sa mga gawain. Dito ko natutunan ang pag-ugit ng sariling landas sa panahong walang kontak sa pamunuan.

Malaki at marami ang responsibilidad at tungkulin ng isang hukbo na kasapi ng Partido. Una na ang pangangailangang tumayo bilang isang huwaran at karapat-dapat na tawaging isang kasapi ng Partido. Huwaran sa kasipagan sa mga gawain, sa katatagan sa gitna ng mga labanan, at sa pagpapakasakit para sa kapakanan ng nakararami. Tungkulin mong pangalagaan ang buhay pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon ng buong yunit at ng indibidwal na mga kasapi. Manguna sa pakikipamuhay sa masang magsasaka, sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila. Tungkulin mong magsanay ng mga susunod na lider, sanayin ang mga kasama sa gawaing militar at seguridad, gawaing pampinansya at pang-ekonomya, gawaing alyansa, pati na sa gawaing medikal at pangkalusugan. Turuang magbasa at magsulat ang mga kasama at kasapi ng yunit na hindi pinalad na makapag-aral.

Pagkatapos ng maghapong paggampan sa mga itinakdang gawain, kailangang tipunin sa isang pulong ang mga kasama para magtasa at humango ng panimulang positibo at negatibong

5 PO - Political Officer
6 VCO - Vice Commanding Officer

mga aral para kagyat na magamit sa susunod na araw. Bago matulog sa gabi, kailangang tiyakin ang pangangalaga sa seguridad ng buong yunit sa pamamagitan ng sistemang taliba. Kailangang gumising ng maaga upang pangunahan ang muling paggampan sa ipagpapatuloy na mga gawain o sa mga panibagong gawain batay sa itinakdang programa at plano ng yunit. Pagkaraan ng isang buwang pagkilos ng yunit kailangang pangunahan mo ang pulong pagtatasa hinggil sa mga kalagayan ng gawain, ng yunit at ng eryang kinikilusan, at ang paghahanda ng mga ulat para sa kagyat na nakatataas na organo.

Bilang masunuring kawal, isa ako sa mga kasamang taus-puso at buo ang loob na tumalima sa mga atas ng Partido kaugnay ng at alinsunod sa linya ng SCO[7] sa paniniwalang ito ang tamang linya. Nasa kanayunan at hukbo ako sa panahon ng paglihis at pagkakamali, at iginugugol ang buong panahon sa pagsasanay ng mga Pulang Mandirigma sa gawaing militar at sumasama sa TO[8] kung minsan para nga mapadali ang tagumpay ng rebolusyon.

*Ako si Perseverando Enguerra, isang Partidistang nagwawasto.*



*mula sa ULOS Samar 2000*

Nang idaos ang Ika-10 Plenum ng Partido, ako'y nagpapagamot ng isang malubhang sakit na tumama sa akin. Lubhang mahalaga ang plenum na ito dahil dito muling pinagtibay ang mga saligang prinsipyo ng Partido sa ideolohiya, sa pulitika at sa organisasyon, binalik-aralan ang mahahalagang pangyayari at pasya mula 1980 hanggang 1991, at pinagpasyahan ang paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. (IDKP)

Bilang isang kagawad ng isang namumunong organo ng Partido sa rehiyon, may malaking bahagi at responsibilidad

7 SCO - Strategic Counter-offensive
8 TO - Tactical Offensive

ako sa malulubhang pagkakamali at paglihis. Sa panahon ng kilusang pagwawasto ang naging gawain ko ay ang tumupad at magpatupad sa mga kapasyahan at atas ng Ika-10 Plenum ng ating Partido.

Bahagi nito ang paglahok sa mga pag-aaral at pagbibigay ng mga pag-aaral hinggil sa mga dokumento ng IDKP upang maging mulat at aktibong makatulong at maging kalahok sa paglulunsad ng pagwawasto sa loob ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan. Sa ganitong paraan, nakita ko at ng mga kasamang hukbo ang mga naging pagkakamali at paglihis at ang aming naging bahagi sa mga ito. Isinagawa ang mga ito habang hindi napapabayaan ang gawaing masa at ang gawaing pagbawi o *recovery* sa mga lugar na naiwan at napinsala bunga ng mga pagkakamali at paglihis.

Nagpatawag din kami ng mga pulong masa para buong pagpapakumbabang humingi ng tawad o paumanhin sa masa hinggil sa mga pagkakamaling nagawa ng hukbo laluna sa mga lugar at taong matinding naapektuhan. Dakila talaga at mapagpatawad ang masa. Hindi nila kailanman tinalikdan ang kanilang Hukbo. Nananatiling mahal at tinatangkilik nila ang kanilang hukbo.

Ang pinakamahalagang natutunan ko sa panahon ng pagwawasto ay ang kahalagahan ng tuluy-tuloy na pagpapataas ng pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong antas ng mga kasapi ng Partido sa pamamagitan ng sustenidong edukasyong pampartido. Ito ay upang husto at laging naaarmasan sila sa IPO[9] laban sa mga pagkakamali at paglihis sa mga saligang prinsipyo ng Partido.

*Ako si Perseverando Enguerra, isang rebolusyonaryong asawa at ama.*

Nanligaw, nag-asawa at nagpamilya ako sa loob ng kilusan. Napangasawa ko ang isang kasamang hukbo at nagkaroon kami

---

9 IPO - Ideolohiya, Pulitika at Organisasyon

ng apat na anak. Magkahalong saya, lungkot at pangamba ang pagpapamilya. Masaya kapag kapiling mo ang iyong asawa at mga anak at kahalubilo sila ng mga kasama at masa. Malungkot kapag malayo sila sa iyong piling. Nariyan din ang pangamba at pag-aalala na baka mapahamak o magkasakit sila. Paano ang kanilang pag-aaral? Paano ang pag-integra sa kanila sa kilusan habang bata pa? Sasagi at sasagi sila sa iyong isipan laluna sa gabi habang nagpapahinga.

Ngunit ang lahat ng ito ay napangingibabawan ng determinasyong isulong ang rebolusyon hanggang sa tagumpay, at sa pagtitiwala sa masa, magulang o kamag-anak (na bahagi rin ng masa syempre) na nag-aalaga sa inyong mga anak. Nariyan din ang mga kasama sa Partido at hukbo at sa hanay ng masa na hindi kailanman tatalikod sa kanilang tungkuling tumulong sa pag-aalaga at pagpapalaki maging sa pagpapaaral ng mga anak ng mga kasamang pultaym sa rebolusyon.

*Ako si Perseverando Enguerra, isang komunista.*

Marami akong masasayang alaala sa aking buhay sa Partido. Isa na dito ay nang ikasal ako sa loob ng Partido at magkaroon ng mga anak dahil natupad ang aking pangarap na magkaasawa sa hukbo at magkaroon ng salinlahi ng rebolusyon mula mismo sa aking dugo.

Isa pang masayang alaala ay nang ilunsad ng ating Partido ang IDKP para ituwid ang malulubhang pagkakamali at paglilihis sa mga saligang prinsipyo ng Partido noong 1980-1991, at nang magtagumpay sa kabuuan ang Partido laban sa mga oportunistang taksil na nagtangkang lusawin ang PKP (MLM).

Ang malulungkot na alaala sa aking buhay sa loob ng Partido ay ang pagkamatay ng mga kadre at kasapi ng Partido at hukbo at ng masa na humubog sa akin kung ano ako ngayon. Utang ko sa kanila ang katatagan ng aking paninindigan sa rebolusyon.

Kapag ako'y nalulumbay, ang nagpapangiti sa akin ay ang tiwalang tiyak na magtatagumpay ang rebolusyong Pilipino gaano man katagal ang abutin nito at ang inspirasyong ibinibigay ng malawak na rebolusyonaryong masa na matatag na nagtataguyod sa rebolusyonaryong kilusan at sa ating Partido.

Sa mga susunod na taon magpapatuloy ako sa paggampan sa mga tungkulin at atas ng ating Partido sa abot ng aking makakaya hanggang sa tumigil na sa pagdagdag ang aking edad.

*Ako si Perseverando Enguerra at ang aking pangalan ang aking paninindigan.*



*mula sa ULOS Timog Mindanao 2001*

# Ka Gusting

Ni Ting Remontado

Nagliligpit ako ng mga notbuk nang masumpungan ko ang kwento ni Ka Gusting. Isinulat niya ito sa isang yelopad sa aming palihan sa sining ilang taon na ang nakakaraan. Balangkas pa lang ang naisulat ni Ka Gusting. Matagal na mula nang huli kaming magkita sa dating erya, pero tiyak na hanggang ngayon ay ipinagpapatuloy pa rin niya ang kanyang mga kagilagilalas na pakikipagsapalaran.

I.



*mula sa ULOS Bikol 2004*

Buong araw nang nag-eensayo ng sayaw ang mga bata sa bakuran ng kanyang kapatid. Kasama sa sayaw ang anak niyang dalagita, ang pinakamaitim sa grupo at pinakamapungay ang mga mata, parang mga mata ng usa kumbaga. Naaaburido na ang pinakabunsong mananayaw, siyam na taong gulang na batang babae, maputi, malapad ang noo at simpayat ng anak niyang dalagita. Bukas ang ikalawang beses na itatanghal ng grupo ang sayaw, sa harap na naman ng maraming tao. Karamihan sa magiging manonood ay kababaryo din naman nila o kaya'y taga-karatig, mga magulang ng mga kaeskwela ng mga bata na katulad ng mga magulang nila – katulad ni Ka Gusting na magkokopra. *Paralukad.*

Bukas ang ikalawang rali para igiit sa harap ng kumprada ni Quesada na dapat ibaba ang porsyento ng resiko. Kinakaltas ang resiko mula sa presyo ng produktong kopra ng mga paralukad.

Umaali-aligid lang si Ka Gusting at nagmamasid. Ang totoo ay gusto rin niyang magtanghal sa rali. Hawak-hawak niya ang isang pirasong papel na kopya ng tulang "Kung Tuyo na ang Luha mo Aking Bayan" ni Amado V. Hernandez. Dahil hindi pa tapos ang ensayo ng mga bata, naghahanap pa siya ng tamang tyempo para magmungkahi na siya naman ang tulungang mag-ensayo. Tiyak na maraming maipapayo ang mga kasama para mapahusay niya ang pagbigkas ng tula sa harap ng maraming tao.

Nagdidilim na nang matapos ang ensayo ng mga bata. Agad itong tumuloy sa hapunan ng ginataang talbos ng kamoteng-kahoy. Naghahanap pa rin ng tyempo si Ka Gusting.

Nang matapos ang hapunan at napansing tila lilipat pa ng base ang mga kasama, saka na siya nangalabit ng isa sa kanila. Naglakas-loob na si Ka Gusting na humingi ng tulong sa pag-eensayo ng tulang itatanghal niya sa rali.

Sa likod-bahay, gasera na lang ang ilaw para mabasa ni Ka Gusting ang kapirasong papel na may tula. Malabo pa naman ang mata ni Ka Gusting. "Hindi bale, totoo n'yan e kabisado ko naman ang tula, e," aniya. Kinabahan siya sa ensayo. Pero nawala ang lahat ng iyon nang marinig niya ang aktwal na palakpakan ng kapwa-paralukad matapos niyang bigkasin ang tula. Doble pa ang galak ni Ka Gusting nang mapresyur na ang negosyante na ibaba ang porsyento ng resiko mula 25% tungong 14%!

II.

Kaya ang pagbigkas ni Ka Gusting ng mga tula ay hindi nagtapos sa raling iyon. Anupa't ang hilig ni Ka Gusting sa pagtatanghal ay naging tuntungan niya para sa mas malalim na pag-unawa sa rebolusyonaryong kultura.

Ano nga ba ang mukha ng bagong kulturang ito? Hindi pa mahugisan nang tiyak ni Ka Gusting, pero alam niya na unti-unti itong hinuhubog. Bilang musmos, ang pinakamaagang

alaala niya ay ang lumang awit na itinuro sa kanya ng isang grupo ng mga binata at dalaga na noon ay napadpad sa kanilang baryo:

*Bangon sa pagkakagupiling*
*Bangon kauring alipin*
*Ang daigdig ating baguhin*
*Demokrasya'y tanghalin*

*Halina at ating usigin*
*Laya nati'y sinisiil*
*Buhay, dugo ay puhunanin*
*Tanikala ay lagutin*

*Ito'y huling paglalaban*
*Tunay na kalayaan*
*Ng mga manggagawa*
*Sa buong daigdigan*

*Wala tayong maaasahan*
*Ingat sa mga gahaman*
*Kaya't tayo'y magbagong-buhay*
*Hirap ay ating lunasan*

*Ito'y huling paglalaban*
*Tunay na kalayaan*
*Ng mga manggagawa*
*Sa buong daigdigan…*

Ilang panahon pa'y nagbalik ang mga kabataang ito. Sa pagkakataong iyon ay armado na. Nagpakilala sila bilang Hukbo, *hukbo kan mga tios*. Hukbong magsasaka at hukbo ng mahihirap. *Bagong Hukbong Bayan.* Pumapasok na noon sa eskwelahan si Ka Gusting kaya mas malinaw niyang nakita kung paano gumuhit ang pagbabago sa kanyang baryo.




*mula sa ULOS 1983*

"Ano'ng pagbabago?" Tanong ko noon kay Ka Gusting. Ang sabi niya, nagkaroon ng pagbabago sa bawat isa at sa lahat, may panloob at panlabas. Para sa kanya, ang isang napakahalagang bagay na natutunan niya ay ang kahulugan ng pagsasamantala – ang kahirapan nila ay bunga anila ng pagsasamantala ng iilan na nagpapasasa sa trabaho ng karamihan sa mga kabukiran at pagawaan. Noon din ay nagbago ang pananaw ng bawat isa sa kanilang mga palad. Naisalin sa masa ang mapanuring kaisipan na nagsimulang magduda sa mga sabi-sabi, sa mga pamahiin, sa mga aswang at multo, na mula't sapul ay pinaniwalaan at kinatakutan ng lahat.

Kaya't sa kalahatan ay may makikita ring pagbabago. May impluwensiya ang mga disiplinadong armado. Noon din ay nabawasan ang mga loko-loko at siga na nagsasamantala sa kapwa-maralita. Naitutuwid ang mga alitan at di-pagkakaunawaan sa hanay ng magkakababaryo. Tila batas itong hindi nasusulat ngunit sinusunod ng lahat.

III.

Sa kanilang baryo, kawalan o kakulangan ng sariling lupang bubungkalin ang dahilan ng pagiging bulnerable ng mga tao. Payag na sa luging partihan sa may-ari ng lupa, payag din sa mga pakisuyong utos at mga tributong prutas at manok para sa among o manedyer. Sa kumprada ay payag na agad sa mababang presyo ng produkto, at kung makikitrabaho sa iba ay payag na rin sa mababang sahod sa arawan at pakyawan. Sina Ka Gusting, tatlong ektaryang nyugan lamang ang pinagkukunan ng sampung magkakapatid na ngayon ay may sari-sarili na ring pamilya.  Paano pa kung dumarating ang mga sakuna gaya ng bagyo?



*mula sa ULOS Bikol 2004*

Iba ang pagsasamantalang nangyayari sa loob ng pagawaan, pero malinaw ang kaugnayan. Kung sapat-sapat sana ang kabuhayan sa kanilang baryo, dadayo pa ba naman si Ka Gusting sa Maynila?

Sa loob ng pagawaan, nahihilo si Ka Gusting sa pagkukwenta ng tantos ng kanyang pagkabusabos. Lokal ang pagawaan. Manu-mano ang kanilang trabaho na may kota kung ilang alpombra at abaloryo ang dapat magawa sa araw-araw. Ang halaga ng nagagawa niyang mga tsinelas sa isang araw ay katumbas ng kung ilang ulit na doble ng kanyang arawang sahod. Ibawas pa ang kung anu-anong gastos ng kapitalista, kaylaki pa rin ng napipigang labis na halaga mula sa kanilang mga manggagawa.

Nakita ni Ka Gusting kung paano sila inaapi. Pero nakita rin niya kung paano magpamalas ng lakas ang mga manggagawa. Sa Maynila, naging malapit sa kanya ang isang tiyuhin na naging pangulo ng unyon. Nakawelga noon ang Vitarich. Isang pamilyar na himig ang natutunan niya sa unyonistang tiyuhin. Doon niya namalayan na binago na pala ang titik ng awit:

*Bangon sa pagkakabusabos!*
*Bangon alipin ng gutom!*
*Katarunga'y bulkang sasabog,*
*Sa huling paghuhukom!*

*…Manggagawa bawiin ang ya*
*Kaisipa'y palayain*
*Ang maso ay ating hawakan*
*Kinabukasa'y pandayin*

*Ito'y huling paglalaban*
*Magkaisa nang masaklaw*
*Ng Internasyunal*
*Ang sangkatauhan!*



*mula sa KAMAO 1978*

Laging nakatatak sa isip ni Ka Gusting ang mukha ng kanyang tiyuhing unyonista. Nananatili siyang huwaran ng tapang at paninindigan kahit na ilang panahon pa ang magdaan sa buhay ni Ka Gusting. Habang nakawelga, dinukot at ipinapatay ng maneydsment ang tiyuhin ni Ka Gusting. Alaala ng kanyang

martir na tiyuhin ang kakambal sa tuwing naririnig ni Ka Gusting ang Internasyunal.

IV.

Nang magbalik sa baryo si Ka Gusting, ang Internasyunal na rin ang inaawit ng mga kasamang muli niyang nakasalamuha. Ilan sa mga orihinal na kabataang nagpunta sa kanilang baryo ay nagbuwis na ng buhay. Ang kanyang nakatatandang kapatid ay umanib na rin pala sa Hukbong Bayan.

Ngayon ay nasa grupo ng kababaihan si Manay. Ang dalawa nilang anak ay nasa grupo ng kabataan. Ang bunso ay masyado pang maliit para sumali sa anumang organisasyong masa. Pero sikat si Nonoy dahil bigla na lang siyang sumasayaw sa tuwing may okasyon, gaya ng anibersaryo ng Hukbo o Partido. Sa kanilang baryo at sa ilan pang barangay na karatig, dinadaluhan ng daan-daang katao ang mga okasyong ito. Taun-taon ay may kung ilang pares na ikinininakasal sa rebolusyonaryong kilusan. Pati sa mga okasyong ito ay bumibigkas na rin ng tula si Ka Gusting. Sa mga pagkakataong ito nakikita at nadarama ng lahat kung ano ang rebolusyonaryong kultura. Napakagandang pagpapahiwatig nito ang mga awit at tula. Pero alam ni Ka Gusting na hindi lamang iyon ang bumubuo sa kulturang ito.

Pagkat mulat, nalilimitahan ang pag-iral ng pyudal na relasyon sa loob ng pamilya ni Ka Gusting. Hanggang sa loob ng bahay ay umiiral ang pagpupunahan at pagpuna sa sarili, na gaya ng ginagawa nila ng kanilang kolektibo sa grupong magsasaka. Ang mga bata ay marunong ding mangatwiran sa tama pagkat alam nila ang kanilang mga karapatan. Nagpaparaya rin si Ka Gusting kapag may pulong na dapat daluhan ang asawa. Siya na ang nag-aalaga kay Nonoy. Hindi na rin sila nagsisimba. Naitanong ko minsan, "Naniniwala pa ba kayo sa langit at impyerno?" Ngingiti si Ka Gusting. "Ang mahihirap nga, kahit buhay pa ay parang sinusunog na. Kung hindi pa ako nakapag-aral sa kilusan, siguro'y lagi pa akong nagsisimba. Pero wala naman ako laging pera. At kahit na hindi makasimba, di ba't ang mahalaga ay dumadamay sa kapwa?"

“Paano naman ang mga dating gawi? Napangibabawan n’yo na ba’ng lahat?”

“Imposible,” aniya na parang nagpapaumanhin. Parang nagpapaliwanag na hangga’t may batayang umiral, ay iiral ang isang bagay. Halimbawa, paano mawawala ang libangan ni Manay at ng mga bata sa panonood ng mga telenovela gabi-gabi? Nakakaaliw pa rin, kahit minsan nasusuri na nila kung alin ang nakakalason sa isip. At si Ka Gusting, umaamin na siya ay may mga bisyo pa rin gaya ng pag-inom. Mahirap din ang maging mulat sa isang bulok na lipunan. Kadalasan ay sarili na ang mas mahirap na kalaban.

V.



*mula sa koleksyon ng Kordilyera*

Nang itayo nina Ka Gusting ang kanilang grupong pangkultura sa baryo, naging mas matindi na ang hamon na maging ehemplo ng isang bagong kultura sa kanilang magkakababaryo. Todo ang suporta ni Manay, na nanonood sa bawat pagtatanghal ni Mang Gusting. Minsan, nahulugan pa nga si Manay ng maliit na buko nang tumambay siya sa ilalim ng punong niyog. Masyado sigurong eksayted si Manay sa pagtatanghal ni Ka Gusting bilang bida sa dula-dulaang *Ang mga Kagilagilalas na Pakikipagsapalaran ni Tanong Paralukad.*

Naging mas mabigat ang mga kagilagilalas na pakikipagsapalaran na ito nang itayo ang ganap na samahan ng masang magsasaka sa kanilang baryo. Isang linggo silang nag-ensayo para sa napakaraming pagtatanghal para sa buong araw na asembleya ng mga organisadong masa sa baryo. Isang araw bago ang okasyon, nagboluntaryo rin si Ka Gusting sa pagtatayo ng iskulhaws sa gilid ng isang koprasan. Doon magtitipon ang mga tao. Pero higit sa paghahanda sa programa para sa mismong pagtitipon, mas mahirap pagkunutan ng noo kung paano ipapatupad ang dalawang taong programa ng samahang masa ng baryo. Lalo pa’t naihalal si Ka Gusting bilang myembro ng

Komiteng Balangay. Naitalaga siya upang mamuno sa Komite sa Kultura ng samahang masa.

Pero ano nga ba ang lakas ni Ka Gusting para magampanan ang mga tungkulin at mapangibabawan ang mga kahinaan niya? Kung titingnan mula sa panlabas ay parang walang gaanong nagbago sa kanilang baryo sa napakatagal na panahon. Nakikita rin kaya ni Ka Gusting kung ano ang naroroon sa kanilang lugar?

Mula nang siya'y mamulat, ang mga ideyang sinabi ng mga kasama ay unti-unting nagkahugis sa kanilang baryo at sa mga karatig. Doon ay may mga bayanihan, at mga grupong nagpapalitan ng lakas-paggawa para makabawas sa gastos at para mapabilis ang trabaho. Doon ay mayroon silang pambansa-demokratikong paaralan – patuloy silang nag-aaral ng teorya, natututo mula sa isa't isa, at mula sa karanasan. Mahirap ang mga gawain sa rebolusyon, kahit sa saklaw lamang ng kanilang munting baryo. Masalimuot ang  magsulong ng kultura ng rebolusyon, maging siya ay hindi naman ang pinakahuwaran, siya man ay laging may agam-agam. Pero siya'y nagpapakatatag, kung para man lang hindi masayang ang dugong idinilig sa punla ng Pulang kapangyarihan sa kanilang lugar.

Ang nakikita ni Ka Gusting ay simula pa lamang ng mas malalaking pagbabago. Mahirap ikumpara ang sonang gerilya sa ibang lugar kung saan ang mga tao'y hindi pa mulat sa kanilang nalalaman. Sa halos kabuuan ng kasaysayan ng tao, laging naroroon ang pagsasamantala sa mga sistemang panlipunan. Kung nasaan ang Hukbong Bayan, alam ni Ka Gusting na naroroon din ang pahiwatig ng isang bagong yugto sa kasaysayan.

VI.

Pagsulat ng katha ang paksa namin noon sa palihan. Si Ka Gusting na ang susunod na magbabahagi ng kanyang kwento. Kaylayo ng aming nilakbay para makarating sa aktibidad na ito, kaylayo ng tanaw ni Ka Gusting nang sumakay kami

sa dambuhalang poso. Ngayon ay nanginginig ang kanyang kamay, hawak-hawak ang yelopad na may laman ng balangkas ng kanyang salaysay. Pasulyap-sulyap lamang si Ka Gusting sa kanyang balangkas. Tuluy-tuloy sa pagbaybay sa banghay na napakapamilyar na sa kanya – ang kanyang buhay at pakikibaka. Sa huli, parang inabot si Ka Gusting ng halu-halong emosyon – kung kaba, o pangungulila, pananalig o kakaibang tapang, pagkaaba nga ba o pagmamalaki? Tumingala si Ka Gusting sa trapal na bubong ng iskulhaws, tila naghahagilap ng mga salita para lagumin ang lahat-lahat.

At bigla na lamang siyang umawit. Tila mainit na hangin galing sa baga ang hiningang nagsambulat sa mga bagong titik ng pamilyar na himig:

*Bangon sa pagkakabusabos*
*Bangon mga bihag ng gutom*
*Katwiran ay bulkang sasabog*
*Buong lakas na dadagundong!*

*…Manggagawa at magsasaka*
*Ating Partido'y dakila*
*Palayasin ang mga gahaman*
*Sa anakpawis ang daigdigan!*

*…Ito'y huling paglalaban*
*Magkaisa nang masaklaw ng Internationale*
*Ang sangkatauhan!*



*mula sa ULOS Kordilyera*
*2008*



*Ang palagiang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan ay patuloy na lumalala at lumilikha ng mga kundisyon para sa pagsulong ng ating matagalang armadong rebolusyon.*

*Mula sa "Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali," Komite Sentral, PKP, Hulyo 1992.*

# Welga

Ni Angel Fuerte

Sa pusod ng bayan, hurno ng paggawa,
Piging ng masiba'y tawang mapangutya.
Libo ang nagbayo, nagsaing, naghanda—
Lumamo'y iilang mga maninila.

Kamkam ng malaki lahat ng ginhawa
Kaya't manggagawa'y sumulak ang pasya:
Itindig ang matwid at mga pag-asa,
Mga karapatan at mithing hustisya.

Welga! Welga! Welga! Pabrika'y umugong
Sa mga kamao'y tapang ang tinipon.
Nang mga makina'y huminto ang ungol,
Ang kapitalista'y sindak na umurong.

Kahit diktadura'y may ambang batuta,
Latay sa katawan at pasa sa mukha,
Ang pakikibaka'y gumatong sa diwa,
Tanglaw sa pagbangon sa pagkatimawa.

Baril ang tutubos sa duhaging bisig,
Dugo ang lulunod sa lintang makapit,
Hanggang kaapiha'y kadenang mapatid,
Hanggang magtagumpay bayang anakpawis.




*mula sa ULOS 2002*

*Nailathala sa **Ulos**, Taon 4, Blg. 2, 1978.*



*mula sa ULOS 1983*

# Magsasaka: Ang Bayaning Di-Kilala

Likha ng Isang Magsasaka sa Pampanga

Sa gitna ng luntiang bukid, makikitang gumagaygay,
Nakasumbrerong balanggot, datna't panawan ng araw,
Sa pagganap sa gawai'y susugod siyang walang humpay—
Dili iba't magsasakang tunay na kahambal-hambal.

Araro ang gintong plumang sa lupa'y isinusulat,
Bawat salitang matitik sa pinitak ang sambulat;
Bawat butil nitong pawis na sa kanya nagbubuhat
Ay kabuhayan ng bayang sa kamay rin nag-uugat.

Martir nitong pagbabata, kapurit ma'y walang sawa—
Kahit batbat ang katawan sa halas at alipunga,
Di pa rin masasagkaan sa matapat niyang panata—
Lumikha ng kabuhayan nang may makain ang madla.

Yaong kanyang katauha'y huwaran ng kasipagan,
Siya ay si Juan dela Cruz sa tunay na kahulugan;
Di pa man bukang-liwayway, hindi na siya magigisnan,
Naroon na sa gawain hanggang hapon ay dumatal.

Hamak ang turing sa kanya, pagkatao ay mababa,
Busabos na'y alipin pa sapagkat siya'y maralita;
Ngunit kung alam lang nila'ng halaga ng magsasaka—
Kung hindi siya nagpapagal, buong mundo'y magluluksa.

Pinagkaitan ng saya, ligaya at kabihasnan,
Sa karangyaan siya'y hubad, ulila sa kaluwagan;
Ngunit sa kanyang tungkulin sa baya'y di siya nagkukulang,
Panay-panay, walang kupas lumikha ng kabuhayan.

Hinahatdan ng pagkain, di niya ibig maabala,
D'on sa sulok ng pilapil, sa ibabaw ng kareta
Asin lang ang kanyang ulam, langit ay di siya alala—
Kalunos-lunos ang pobre sa palad na sinapit niya.



*mula sa ULOS Maynila - Rizal 2004*

Pinuhunanan ng dugo, pag anihan ay sumapit,
Sulputan ng patubo, talinduwa, pandaragit,
Ang asenderong masiba'y mananakim, mangangabig—
Sa dakong huli'y utang lang ang parti niyang makakamit.

Pagkatapos ay uuwi ang pobre sa kanyang bahay,
Ang naghihintay niyang anak di mabili ng tinapay,
Tatanungin ng asawa: "Asawa ko, ba't mapanglaw?"
Anya: "Walang angking swerte, ang parti ko'y bayad-utang."

Dibdib ng asawa't anak ibig-ibig nang mawasak,
Di nila namamalayang luha niya'y agad papatak.
Sino kaya, aking bayan, ang dito'y di maiiyak?
Nagpapagal ang siyang wala, limatik ang tumitipak.

O kawawang magsasaka, kaysaklap ng kapalaran,
Kung hindi sa 'yo, gobyerno ay hindi maipupundar;
Hindi talos ng makwartang pag-aaring kinakamal,
Dangal at kapangyariha'y sa pawis mo bumubukal.

Ngalan mo'y ikinukubli, di ibig ipakilala—
Kapangyarihan mong taglay at papel mo sa historya;
Ayaw ka nilang mamulat, hindi gustong matuto ka
Upang sa habang panahon ay aliping linlang nila.

Anong laking sakripisyo ang sa 'yo'y pinapapasan,
Pagsunod, kulunga't bugbog ng pasista'y naranasan;
Silang itim ang kalul'wang laban sa kapayapaan,
Sila ang mga Lusiper nitong lupang tinubuan.

Dahil dito, makibaka sa taksil na kaypalalo,
Dahil dito, ang magandang kabuhayan ay itayo;
Kaya, bayan, ukitin mo nitong balang kumukulo
Ang ngalan ng magsasaka, ang bayaning di tanto.

*Salin mula sa orihinal na Kapampangan na may pamagat na "Ortelano: Ing Bayaning Era Balu." Naging popular ito sa mga magsasaka sa Pampanga noong mga unang taon ng dekada 1970, at lumaganap sa iba't ibang rehiyon nang maisalin sa Pilipino noong 1978 at sa Iloko noong 1980.*

*Nailathala sa **Ulos**, Taon 4, Blg. 1, 1978, at sa "Magsasaka: Ang Bayaning Di-Kilala," 1984.*



*mula sa ULOS Bikol 2004*

# Mga Bakod Sa Dagat

Likha ng isang maralitang mangingisda

Binakuran nila ang dagat
at inangkin ang lahat-lahat.

Sa munting puhuna'y
yamang di mabilang
ang naging palad.

Samantala...
ang mangingisdang
wala ng iba pang ikabubuhay
ay natulala.
Hapis ay batabata
habang ang
dapat sana'y pambuhay ng mag-anak
ay sa ibang palad pumatak.

Kapalaran?
O sadyang katusuhang dapat labanan?

Sa lipunang
ang lakas ay batas,
alam niya:

Na hindi Maykapal o
guhit ng palad
ang mapagpasya,
na ang paghihirap
ay hindi katapat ninuman
at kung gayo'y
nasa pagkilos ang katubusan.



*mula sa koleksyon ng Timog Mindanao*

Bukas...
Magigiba ang mga bakod.

Ngunit di sanhi ng bagyo
O anumang delubyo.

Bukas,
gigibain ang mga bakod na yaon
kaalinsabay ng pagwasak
sa nabubulok nang lipunan
ng magkakaisang mangingisda
at lahat ng katulad nilang inaaping mamamayan!

*Nailathala sa "Bangon!" (Timog Katagalugan), Tomo I, Blg.8, Nobyembre 1978; at sa "Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino (1972-1980)," 1982.*

# Halika Kasamang Bel

Ni Ditan Dimase

1.

halika
puntahan natin
ang madidilim na yungib
gumawa tayo ng diklap
mula sa pagkiskis ng mga bato
(sabagay lahat naman ng bagay
ay nagkikiskisan o nag-uumpugan)
saka gatungan natin
ng nagkalat na buto, buhok,
bulaklak
hanggang magliyab
at tupukin ang dilim
sisirin natin
ang pinakailalim ng dagat
at ilog
gapiin natin
ang lamig doon, ng init
na gumitaw sa ating
braso at kamao
hanggang kumulo
at sapawan ang dalampasigan
at lukuban ang mga talampas
at kubkubin ang mga
palalong taluktok
hawak-kamay tayong manimbang
sa mga dalisdis
at tagaytay
isalansan natin
ang mga panganib
na maaaring matisod
ng kapwa nating manlalakbay
ilayo natin sa tabi
ng mga dasdas






upang maging inutil
ngunit hayaang magsilbing
patalastas at paalala
sa bawat talampakan
na sundan lamang ang
himaton ng direksyong
hinawan ng agos ng dugo
sa loob ng isandaan
at animnapung hakbang
ng uring manggagawa
at sangkatauhan
magkayakap kitang
tunguhin ang hardin
ng mirasol
haplusin natin
ang mga talulot
at walang sawa, walang pagod
nating haranahin
ng balitaw
yaong tila mga naluluoy
sa darang ng manlilinlang
at huwad na araw
ihandog natin
ng buong sigasig
sa abot ng makakaya
ang kislot at indak
ng pandanggo
sa mga tangkay, puno
at ugat na nanabik
sa pag-aantabay
sa pagtapaw ng araw.

halika,
kasama, kaibigan
higpitan ang ating
paghahawak-kamay.

2.

pigilan natin ang kahibangan
ng mga panginoon;

ikinadena nila ang ulap
upang di makapaglakbay

dinakip ang kidlat
sa salang pambubulag

binusalan ang kulog
sa paglabag sa batas ng pag-iingay

pinusasan ang ulan
dahil walang permisong umulan

kinuryente ang bahaghari
dahil gustong iunat ang sarili

inisyuhan ng *search warrant* ang bundok
sa salang *hoarding* ng ginto't pilak

inimbistigahan ang dagat
sa suspetsang nagpapakain sa yayat na lambat

inaresto ang alon
dahil nangwawasak ng kastilyong buhangin

ikinulong ang buhangin
dahil siya'y buhangin

binartolina ang bakawan
dahil tumubo sa pwesto ng magarang *resort*


sinalbeyds ang gubat
nagreklamong pinapatay ang kanyang ugat

nawala't sukat ang palay
pinaghinalaang nakatingala sa pulang tala

pinagtangkaan nilang paslangin ang pulang tala
upang wala nang tingalain ang palay

halika kasama, kaibigan,
higpitan pa ang ating hawak-kamay

*Sinulat noong ika-28 ng Mayo, 2008 sa Bulacan.*





*Nakahihigit ang*
*bagong demokratikong*
*rebolusyon sa lumang demokratikong*
*rebolusyon ng 1896.*
*Ito ay pinamumunuan ng proletaryado*
*sa pamamagitan ng Partido*
*at may perspektibang sosyalista.*

*Mula sa "Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali," Komite Sentral, PKP, Hulyo 1992.*

# Lumaya ka, Manggagawa

Ni Renato Pineda

Sumusulong ang lipunan sa alon ng kaunlaran
Dahil sa lakas mo't mapanlikhang kaisipan
Mula sa kamaong matitigas lumitaw ang kabihasnan
Daigdig na dati'y hubad, hinubog mo't binihisan
Ng mga tulay at kalsada, paaralan, pagawaan
Mga bayan at lunsod, maunlad na pamayanan
Sumibol sa pawis mo, o haligi ng lipunan!

Ang Kongreso at Senado, palasyo ng Malakanyang
Nang itayo ng lakas mo'y di mo alam na hantungan
Ng pagkutya sa uri mo ng mga ganid na dayuhan
Negosyante't asenderong ang sandata ay kapital
Pambayad sa iyong lakas, talino at kabataan
Hanggang uban ng iyong buhok, iaanak ng katandaan!

Katulad mo ay ang ibong walang punong mahimlayan
Isang musmos na ulilang ang hanap ay pagmamahal
O, ikaw ay isang ama ang anak ay nagliliyag
Kayakap ng asawa mo sa buhay na walang bukas
O, ikaw ay binata at dalagang nangangarap
Naglulubid ng pag-asang kailanman ay di magaganap
Pagkat ika'y manggagawang busabos ng kahirapan!

Ihasa mo ang iyong tabak, sandata ng kasaysayan
Makibaka sa uring naghahari sa lipunan
Palayain mo ang sarili sa gapos ng kamangmangan
At humakbang sa sosyalistang sistemang panlipunan
Palayain mo ang sarili, palayain mo ang bayan
Sa sabwatan ng estado, sabwatan ng imperyalismo at kapital.

*Sinulat noong ika-15 ng Setyembre 2003, sa Gitnang Luzon. Nailathala sa **Ulos**, Nobyembre 2004.*

# Pagpatag Ng Tatlong Bundok

Likha ng isang maralitang magsasaka

Pagkataas nitong tatlong bundok
Masakit masyadong lakaran ng tao;
Nararapat lang itong tirahan ng hayop at manunuba
At di bagay sa tao na pagtirhan.

Itong aking talampakan batbat ng sugat
Dulot nitong matutulis na bato ng kaigangan;
Kumakalam lang pirmi itong aking tiyan
Dulot ng madalas na kagutuman.

Bayan, nagsisikip itong aking dibdib
Nakaiiyak kung pagmamasdan;
Lagi na lang ba itong kahirapan
Kahit masipag sa kabuhayan?

Matitiis pa ba itong kapaitan?
Pinipigilan itong ating pag-unlad
At hinahadlangan ang ating katahimikan
Nitong tatlong kabundukan.

Hinding-hindi ito dapat tugutan!
Patagin, patagin lahat ito!
Walang oras, walang araw na sayangin
Hanggang sa malagot ang ating hininga.

Hangal ka raw, sabi ni Ferdinand,
Hindi mapapantay ang mataas ng kabundukan;
Pero huwag mabahala, pagkat ipinangako ko,
Itong tatlong kabundukan aming papatagin.

Bawat araw itong lupa'y aming huhukayin,
Pagkatapos mahukay, kaagad itatapon;

Kung sakaling hindi agad matapos,
Andiyan ang aking mga anak na magpapatuloy.

Sa bawat mahukay na lupa,
Sa bawat napapasok namin ngayon,
Itong bundok, tutubo pa ba?
Itong bundok, tataas pa ba?

Lakad-takbo itong panahon
Para sa maaliwalas na kinabukasan
Ng ating mga bulaklak na marikit
Kaya tumulong kayo sa sambayanang makapangyarihan.

Sa katapusan, itong kabunduka'y mapapatag,
At ating kakamtin ang punong mayabong,
Punong mayabong na ating tagabunga
At sa kanyang mahal na lilim tayo'y makakahinga.

*Salin mula sa orihinal na Waray na pinamagatang "Pagpanas Han Tulo nga Kabukiran." Nailathala sa "Larab" (Silangang Kabisayaan), Tomo II, Blg. 4, Disyembre 1978; at sa "Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino (1972-1980)," 1982.*




*mula sa ULOS Panay 2006*



*Ang rebolusyonaryong*
*katangiang pulitikal*
*ng armadong pakikibaka*
*(na nasa anyo ng digmang bayan)*
*ay itinatakda*
*ng pangkalahatang linya*
*ng rebolusyong pambansa-demokratiko.*
*Walang saysay ang ating*
*armadong rebolusyon*
*kung lihis sa linyang ito.*
*Ang hukbong bayan mismo*
*ay isang organisasyong masa*
*at isang kilusang masa.*
*Ang armadong pakikibaka nito*
*sa kanayunan ay kalakip*
*ng tunay na reporma sa lupa*
*at pagbubuo ng baseng masa.*

*Mula sa "Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali," Komite Sentral, PKP, Hulyo 1992.*

# Pag-alpas sa Konserbatismo

Ni Emil Magalat

Tulad ng mga silahis ng araw sa umaga
sila'y bumungad mula sa mga burol
marahang naglatag ng ngiti at liwanag
na tumagos sa mga kaingin at maisan
at nakituloy sa mga bukas na pinto.
Tulad ng maaliwalas na bukang-liwayway
malugod na sinalubong ng mga masang
hinaplit ng maligalig na magdamag
ang kanilang Pulang Hukbo.
Nagdiwang ang mga api.

Nagdiwang ang mga api
dahil sa wakas, bumalik na ang dulugan
ng kanilang mga hinaing at pangarap
pista sa kanila ang balitang ipinupunla na
ng Pulang Hukbo ang kanilang kapangyarihan
sa lahat ng baryong saklaw
ah, hindi na lang sa makikitid na ublagan
naaaninag ang pag-asa
ang rebolusyong agraryo'y di lang sa hinaharap
kundi ngayon na.

"Ngayon na!" ang hiling ng mga api
"Kaytagal na ang panahong kami'y dinusta
kaytagal nang naghintay sa Partido't Hukbo
na pinaglaan ng tanging tiwala't pag-asa
sunggaban ang oras, sunggaban ang araw."
Kayraming dapat isahapag:
paano ibaba ang upa sa lupa at itaas ang sahod
paano itatayo ang mga komiteng pang-organisa
paano parurusahan ang mga traydor
paano iluluwal ang makapangyarihang lakas ng masa.

A, ang makapangyarihang lakas ng masa'y
mailuluwal lamang ng Pulang Hukbong
nag-aalis ng mga bagahe at matatag
na umaabaante mula sa mga burol
tulad ng mga silahis ng araw sa umaga.

*Nailathala sa **Ulos**, Agosto 1999.*




*mula sa ULOS Timog Mindanao 2001*

# Tres-otso sa Ikatatlumpu

Ni Mario Ruso

Sa aming bayan,
may mga mandirigmang hindi pumipila –
buwan-buwan—
upang kubrahin ang kanilang parte
sa dinambong na yaman ng kanilang amo.

Sa aming bayan,
may mga mandirigmang ginagawang
pangunahin ang pulitika sa kanilang mga pagkilos.
Hindi sila kumukuha kahit hibla ng aming sinulid.
Isinesentro nila ang lahat
ng kanilang nasasamsam mula sa kalabisan ng iilan.

Ngunit hindi sila mga sundalo o militar.

Sa aming bayan,
may mga mandirigmang hindi nag-aalimura sa aming harapan.
Isinasauli nila ang kanilang hiniram na gasera.
Binabayaran nila ang kanilang binili ng karampatang halaga.
Hindi nila tinatapakan ang tanim naming mais.
Yumuyukod sila, nag-tatao-po nang mababa ang boses.
Binabayaran nila ang lahat ng kanilang nasira.
Ginagamot, pinapakain, at inaalagaan nila ang kanilang bihag.
Hindi nila pinagsasamantalahan ang kababaihan.

Ngunit hindi sila mga militar o sundalo.

Sa aming bayan,
may mga mandirigmang tinutulungan kaming
magtanim ng palay sa lupa,
sa lupang

Ibigay nila sa amin ang karapatang magbungkal,
tinuturuan nila kaming isulat ang aming pangalan.
Inaalalayan nila ang hakbang ng aming tinig
Habang binabaybay ng aming unawa
Ang salitang "ka-la-ya-an" at "de-mo-kras-ya."
Sinasabayan nila kami
sa himig ng aming mga tula at awit.

Ngunit hindi sila mga sundalo o militar.

Kilala namin ang mga mandirigmang ito,
kung paanong sa araw-araw,
kinukupkop ng aming mga dampa at kubo
ang kanilang nag-aalab na anino.
Sapagkat sila ang namumukod-tangi sa lahat
ng aming mga mahal sa buhay at mga anak.

Kilala namin sila.
Sa tapat ng kanilang kaliwang dibdib,
sa bulsa ng kanilang mga puso,
nakataliba ang kanilang apelyido.

Ngunit hindi sila mga militar at sundalo.

Sila ang aming Hukbo.

*Nailathala sa **Ulos**, Agosto 1999.*



*mula sa ULOS 1975*

# Sa Isang Kasamang Manggagawa Na Nagtungo Sa Kanayunan

Ni Felipe Montanes



*mula sa BKP*

Nasaan ka na ba, kasama?
Saang dako ka na ba naroon?
A, nakikibaka sa piling ng masa.

Naaalala mo ba?
Isinakripisyo mo ang dalawang linggong trabaho,
Araw-gabi kang nagkunot ng noo,
Sinuri mo't sinaliksik ang batas ng mapagsamantala,
Hinimay at isinapuso ang batas ng pakikibaka
Habang nananakot, nandarakip, nagkukulong
Ang magkasabwat na kapitalistang bundat at diktadurang buhong.
Kinaltas nila ang bonus,
Pinigil ang eleksyon ng unyon,
Binalewala ang mga petisyon.
Tangan ang makauring prinsipyo't pasya ng kolektiba,
Buong-loob kang nanawagan, nagpakilos, nag-organisa.
At sa kapitalista'y dumaluyong ang galit ng masang manggagawa.



*mula sa BKP*

Mayo 6, 1976—
Sumulong ang dalawandaang manggagawa,
Sumunod ang sanlibo pa—
Pinatay nila ang swits,
Nanahimik ang mga makina,
Umugong sa pabrika,
Umugong sa pabrika
Ang sigaw ng libong manggagawang nagmamartsa:
Mabuhay ang mga manggagawa!
Welga! Welga! Welga!

Isa-isa mong nilaslas ang bulto-bultong tela,
Telang nalilikha pagkat kayo ang lumilikha,
Telang mas mahal pa ng kapitalista kaysa inyo.

Dalawang araw na di magkandaugaga
Ang mga manedyer,
Dalawang araw na nagmukhang kawawa
Ang mga suberbisor—
Paano'y ni minsan ay di nakahipo ng makina,
Iyon pa kayang magpaandar?
Dati'y walang-sawa sila kung manigaw sa mga manggagawa
Ngayo'y wala na silang mabulyawan kundi ang mga makina.

Dumating ang relyebong panggabi,
Inabutan ang pang-araw;
Nagtipun-tipon ang puwersa,
Sigaw pa rin ay welga!
Pati ang masa sa komunidad ay sumuporta,
Nagdala ng pagkai't inumin sa pabrika,
Ngunit ang mga berdugo'y nakahambalang sa bukana
Kaya't inihagis sa likod ng pader ang tinapay at de-lata.
Sugod ang mga PCng kampon ng diktadura,
Trak-trak na de-sirena't nagwawasiwas ng batuta.
Bawal ang welga! Sigaw ng mga tuta.
Sinu-sino ba'ng mga lider? Ang kanilang usisa.
Ngunit di kayo nag-atubili—
Sumulong ang dalawandaang unyonista.
Alang-alang sa iba,
Nagtiis kayo ng ilang araw, ilang buwan
Binugbog kayo't ginutom sa kulungan.

Ngunit lalo kang nag-alab,
Lalong nagpakatatag.



*mula sa BKP*


Oktubre 10, 1976—
Araw ng kabuktutan ng mga pasista,
Araw ng pagkamuhi't kagitingan ng masa.
Nasa harapan kayo—kapit-bisig, sama-sama,
Sa malawak na hanay ng demonstrador ay matibay na depensa.
Dumaluhong ang mga berdugo, nambuwag ng hanay
Ngunit wala pa rin kayong tinag sa puspusang pag-alalay.
Bawat hagis ng basura sa inyo'y sa pasista kumokontra.
Oo, bugbog ang inyong katawan
Ngunit malalasog kaya ng batuta

Ang diwang bakal ng mulat na manggagawa?
Oo, nasawi ang isang kasama't kapatid sa uri
Ngunit may kamatayan pa kaya ang kanyang pulang diwa't budhi?

Nabalitaan kong nagkasakit ka kamakailan.
Sana'y magaling ka na't malakas.
Nagpadala ka ng sulat:  ugnayan ka na lang sa kanayunan;
Sabi mo'y doon ka na kikilos, doon na makikipaglaban
Tulad ng matagal mo nang inaasam-asam.
Kapiling mo na ngayon ang iba pang kapatid sa krisis,
Kapiling mo na ngayon ang kapwa anakpawis.
Dati-rati, ang hawak mo ay makina,
Ngayon, ang hawak mo ay sandata.

Oo, kasama, di nga ba't iyong winika—
Kapag inihasik ng uring manggagawa
Ang binhi ng rebolusyon sa kanayunan
Upang anihin sa kalunsuran,
Di ba't natitiyak ang pagsibol ng malayang Pilipinas?
Oo, kasama, natitiyak.

*Nailathala sa "Kamao" (Kamaynilaan-Rizal) Blg. 1-2, 1978.*



*mula sa ULOS Samar 2000*

# Kasama

Ni Virginia Altamonte

Pasa bilis, kasama," marahang bulong niya sa lalaking nasa kanyang likuran at ang mensaheng yao'y inut-inot ding nakarating sa dulo ng pila nila. Anim silang lahat, tig-iisang metro ang layo sa bawat isa at tahimik na tinatahak ang buhanginang landas patungo sa baryo ng D., isa sa mga baryong "binuksan" ng mga puwersa sa pagpapalaya sa lalawigan ng I.

Kumaraskas ang mga tuyong dahon, sa dinig niya'y parang may bumagsak; kagyat siyang lumingon, tiningnan ang kasamang kasunod niya na patuloy na naglalakad.

"Ano 'yon?" tanong niya.
"Si Ka Ped, nadulas yata."
"O, bumagsak ba?"
"Hindi."

Tumigil siya sa paglalakad, saglit na inaninaw ang ikaanim na kasapi ng grupo bago siya nagpatuloy.



Pinuno siya ng iskuwad na yaon ng Bagong Hukbong Bayan. Ka Lando ang bansag sa kanya ng mga kasama. Maitim siya, may taas na limang talampakan at apat na pulgada, medyo singkit, at sa kulay ng balat, namamalikaskas na mga binti, at maugat na kamay ay makikilatis na siya'y isang magsasaka o nagbubungkal ng lupa sa mahaba-haba ring panahon. "Isa akong magsasaka, mga kasama," salaysay niya noon nang hilinging ilahad niya ang kasaysayan ng kanyang buhay bago siya sumanib sa Bagong Hukbong Bayan. "Ako'y tubong-Angeles, Pampanga. Manggagawa ang aking ama na malimit na matanggal sa trabaho. Lima kaming magkakapatid at ako ang panganay. Dahil mahirap lamang kami'y lumaki akong

walang pinag-aralan at sa katunaya'y hindi man lang ako nakatuntong sa mababang paaralan. Naging isa ako sa mga paista-istambay sa mga kanto ng Angeles: papaswit-paswit sa mga babaing gumagala sa syudad; kakaway-kaway sa mga sasakyang patungong Baguio o Maynila; hanggang isang hapo'y napasabak ako sa isang away: nakipaghabulan sa mga kapwa ko lasing at tumarak sa aking kanang braso ang sampulgadang balisong, kaya natamo ko ang peklat na ito." At sadyang inilislis niya noon ang manggas ng kamisadentro upang ipakita ang peklat sa kanyang braso. Kaya malimit kung nagkakabiruan, ay tinatawag siyang Ka Peklat ng mga kasama. Ngunit para sa kanya'y ngayon na lamang napapawi ang hapdi ng sugat na iyon, ngayong kaanib na siya sa kilusang mapagpalaya. "Sa isip ko noo'y mas mabuting natuluyan na sana ako, mga kasama," patuloy na paglalahad niya. "Sa pakiramdam ko'y iyon na ang pinakamatinding kirot sa buong buhay ko, tumatagos sa kalamnan, tumitimo sa puso't damdamin at para bagang nanlalait at nanunuksong inihahaplit ang katotohanang ako'y isang yagit sa lipunan…isang patapon! Kaya noong yayain ako ng isang kaibigan na magsaka sa Sierra Madre'y agad kong tinanggap ang alok. Mag-aapat na taon na ako rito."



At noon, sa talakayang iyon ay nakilala niya ang isang kasamang nagngangalang Ka Cely, na mahinahon at buong tatag na nagpayo at nagpaliwanag sa kanya.

"Alam mo, kasama," anito, "hindi malayong ang bawat isa sa atin ay dumanas ng mga karanasang ganyan…mahapdi, nakapanghihimagsik! Ngunit ano naman ang dapat nating asahan sa ating lipunang pinaghaharian ng panlilinlang at pang-aapi? Hindi ba't natural lamang na ang sinumang kabilang sa lipunang ito'y maaaring malulong sa kasamaan nito, o kaya'y mabulid sa karahasan nito? Kaya nga, kasama, sa buhay ng isang tao, sa loob ng isang gumuguhong lipunang tulad ng sa atin, dumarating ang panahong kailangang piliin niya kung saang panig siya kakatig—sa naghaharing kaayusan, o sa pagbabago. Sa sandaling ito'y pinili mong ihandog ang buhay mo alang-alang sa pagbabago…binabati kita!"

Isinama siya noon ni Ka Cely sa Makilos na Paaralan ng Rebolusyon at dito'y inisa-isa nila ang mga baryong matatag nang pinag-ugatan ng lokal na gerilya, samahan ng kababaihan at kabataan. Si Ka Cely ang nagturo sa kanyang bumasa't sumulat, at ito pa rin ang nagsanay sa kanya upang maging mahusay sa pakikihamok. Si Ka Cely pa rin ang nagmungkahi sa kanya upang maging isang pinuno ng iskuwad na noong una'y tinanggihan niya, ngunit sa matiyagang paghimok at pangangaral nito, ay tinanggap din niya.

Sa loob ng limang buwan, at sa matiyagang pagsusubaybay ni Ka Cely ay napaghusay niya ang kanyang kaalaman sa digmaan at sa tunggalian ng mga uri sa lipunan, at noon niya lubusang natanto na ang mga tao palang katulad niya, bukod sa pagtanggap sa karukhaang kinagisnan ay kailangang bumangon, makibaka, igiit ang karapatan sa harap ng kapwa niya tao; makibigkis sa mga kapwa niya duhagi upang harapin ang pagsasamantala't tumindig nang matatag sa lipunang dumuduhagi sa kanila.

"Pasa, hinto, kasama!" narinig niyang bulong sa likuran niya. Huminto siya, hinintay na makalapit ang kasamang kasunod niya.
"Bakit?"
"Wala pa sila."
"Hintayin natin."

Kapwa sila nag-alis ng mga nakasakbit na mahahabang baril sa namamawis nang mga balikat at ipinatong nang pahaba ang mga ito sa dulo ng daliri ng kanilang mga paa. Maya-maya'y naaninag nila ang isang kasamang patakbong lumalapit sa kanila.

"May sumusunod sa atin, dinig namin ang mga yabag nila, at may ilaw sila!"
"Sa kaliwa, mga kasama, at dahan-dahan," mabilis na habilin niya sa limang kasapi ng grupo.

Maiingat silang nagsipasok sa masukal na talahiban na animo'y may-sa-pusang mga talampakan. Papalapit nang papalapit ang mga yabag. Unti-unti'y iniamba niya ang baril sa dakong pinanggagalingan ng mga iyon. Maya-maya'y naulinigan niya

ang tinig ng isang bata na pumailanlang sa katahimikan ng gubat.

"Malapit na ba tayo sa kinaroroonan ng mga kasama, Tatang?"
"Oo, huwag kang maingay," paanas na tugon ng tinig ng isang matanda.
At nakilala niya mula sa dilim si Ka Lucio, isa sa mga namamahala sa kilusan sa baryo, kasunod ang magsasampung-taong gulang na anak nitong si Udong. Napangiti siya, tahimik na ibinaba ang nakatutok na baril. "Ito marahil ang salubong namin," naisip niya at tumikhim siya, paluksong lumabas sa kasukalan at bumati.

"Magandang gabi, mga kasama!"
Sa gitla'y halos mabitiwan ni Ka Lucio ang hawak nitong gasera ngunit ng makilatis ang bumati'y halos niyakap ito sa galak. "Kayo pala, Ka Lando," anito. "Kanina pa ba kayo?"
"Ngayon-ngayon lang. Sina Ka Cely, nandiyan na ba?"
"Oo."

Isa-isa namang naglabasan ang iba pang mga kasapi ng grupo upang bumati.

"O, ano sa palagay n'yo, mga kasama, tumuloy na tayo," hiling niya sa grupo at naging walo ang pila nila.

Tumuloy sila sa bahay nina Ka Lucio at pagdating sa silong ng bahay, tumigil muna sila upang mag-alis ng mga baril at iba pang dala-dalahan sa balikat. Dito'y narinig nila ang masiglang talakayan sa itaas ng bahay.



"Papaano na, mga amang, kung sakaling matuklasan ng mga kaaway ang lihim na organisasyon natin dito? Ano ang gagawin natin?" tanong ng isang matandang babae.

"Tama nga naman si Nanang...maaaring bukas o

sa makalawa ay may magtraydor," sabad ng isa pang lalaki.

"Tama, hindi natin mahuhulaan ang mga pangyayari, mga kasama," mahinahong tugon ng isang batambatang lalaki. "Kaya naman, mayroon na tayong angkop na paghahanda. Di ba't nagtatayo tayo ng mga milisya ng bayan at lokal na gerilya upang pangalagaan ang ating kaligtasan?"

"Ibig mong sabihi'y lalaban tayo kung saka-sakali?" nababahalang tanong uli ng matanda.

"Oo, Ka Ansing, bakit hindi? Kaya tayo nagkakaisa'y upang labanan ang pang-aapi, di ba?" sabad ng isang nakababatang babae.

"Ngunit ano ang ilalaban natin…mga paltik at beinte dos sa mga *armalite* nila at masinggan at helikopter…paano…"

Narinig niyang sumagot ang isang tinig na sa una pa lamang ay nakilala niyang dili iba't kay Ka Cely. "Totoo na sa kasalukuyan ay malakas pa ang kaaway natin." At tumahimik ang kangina'y maingay nang talakayan. "Sagana ito sa kagamitan, sa baril, bala, mga sasakyan at maging sa mga tau-tauhang kinakasangkapan. Ngunit ang mga ito ay panlabas na lakas lamang, sapagkat ang tunay na lakas sa digmaan ay nakasalalay sa katatagan ng mga taong bumubuo sa mga puwersang naglalaban, at hindi sa kanilang armas."

"Suriin natin, mga kasama…Tayo ang bumubuo ng puwersang nagbabangon upang labanan ang pang-aapi, nakikibaka tayo upang mabuwag ang sistemang umaalipin sa karamihan sa mga mamamayang Pilipino. Ang kaaway natin sa kabilang panig ay nakikibaka upang mapanatili ang kasalukuyang sistema; upang magpasasa sa luho ang kakaunting tao, at upang patagalin pa ang pagsasamantala't pang-aapi. Samakatuwid, samantalang ang simulain nati'y nakasandig sa katarungan, sa pagbaka sa pang-aapi, ang simulain ng kaaway ay nakasandig sa pang-aapi at pagsasamantala."

"Kaya, Nanang, mga kasama," patuloy pa rin nito, "tayo'y katulad ng isang malusog na punongkahoy, sagana sa bunga, sariwa ang mga dahon, matibay ang katawan sapagkat mahigpit

na nakaugat sa lupa, samantalang ang kaaway ay katulad sa isang bulok na punongkahoy."

Nasa bungad na siya ng pinto nang marinig niya ang patuloy na pagsasalita nito.

"Kaya, Nanang, tama si Ka Meding. Ang pag-oorganisa natin mismo sa isang samahan ang magsisilbing sandata natin laban sa lakas ng kaaway. At mayroon din tayong Hukbo na sumasagupa sa lakas ng kaaway. Anong magagawa ng helikopter? Kung mayroon tayong kahit isa lang na matatag na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, puwede nang bumagsak 'yan. Hanyo, mga kasama, Nanang, kapag nakapagpabagsak tayo ng isa niyan, gagawin nating mga palanggana at pinggan. Mas mahusay pa, di ba, Nanang?"

At nabasag ng halakhakan ang kangina'y tahimik na tahimik at seryosong talakayan.

"Harinawa nga, mga amang…harinawa'y magtagumpay kayo sa inyong nilalayon," pabuntunghininga pa rin ng matandang babae.

"Tayo, Nanang, ikaw, ako at tayong lahat ay magtatagumpay kung magkakaisa tayo dito sa baryo," sabad naman ni Ka Lucio na katabi pala niya sa may pintuan.

"Oo nga, mga amang. Sa isip at puso ay talaga namang kasama ninyo ako…kaya nga…kaya nga…hindi ko maubos maisip na maaaring isa o dalawa sa atin ay mawala!" at pinahid ng matanda ang nangingilid na luha sa mga mata nito.

"A, Nanang," malumanay na sagot pa rin ni Ka Cely, "sa lahat ng oras naman ay nag-iingat tayo. Ngunit dapat din nating tandaan na kailangan ang pagpapakasakit sa ating ipinaglalaban. Tayo'y nasa labanan. Tiyak na may mabubuwal sa itatagal nito. Kaya, kung mawala man ang isa sa atin, tandaan lang nating ang nawala'y parang isang nabaling sanga sa isang malusog na punongkahoy; ang katawan nito, ang ating simulain ay nananatiling nakatindig at ang diwa at dugo ng mga nagpakasakit na kasama'y siyang magpapayabong at didilig dito." Ngumiti ito, at pagkatapos ay ibinaling ang

paningin sa may pintuan. "Siyanga pala, mga kasama, nandito na sina Ka Lando. Kumusta, mga kasama!" at itinaas nito ang nakasuntok na kamao.

"Magandang gabi, mga kasama," bati niya sa lahat at sumunod ding bumati sina Ka Oca at Ka Pitong. Nagtayuan ang ilang kasapi sa talakayan upang salubungin ang mga bagong dating. Marahang tumayo at nagpaalam si Ka Cely sa mga nasa tabi nito upang tumungo sa kinaroroonan niya.

"Kanina pa namin kayo hinihintay. Kailan pa kayo dumating?"
"Ngayon-ngayon lang," aniya.
"Kamusta naman ang mga kasama sa grupo. Si Ka Pitong, naipagamot na ba?"
"Mahusay naman. Si Ka Pitong ay nakakalakad na nang mahusay ngayon."
"Dito na tayo mag-usap," at niyaya siya ni Ka Cely sa isang sulok ng bahay. Naupo silang dalawa sa sahig, isinandig niya ang dala-dalang baril sa dinding ng bahay at inilapag ang kanina'y dala-dala niyang bag. Hinugot niya mula rito ang ilang pirasong papel at iniabot ito kay Ka Cely. "Ito ang ulat ng grupo para sa buwan ng Marso. Naantalang masyado dahil hinintay pa namin ang kinalabasan ng pagpasok namin sa baryo ng A."

Pagkabasa ni Ka Cely sa ulat ay masinop na tiniklop ito at isinilid sa isang luntiang bag sa tabi niya. Tumingin ito sa malayo na parang may malalim na iniisip.

"Malayo pa talaga ang lalakbayin natin, kasama," biglang sambit nito. At niyaya siyang lumapit. "Halika," anito. "May bagong atas sa atin ang Panrehiyong Pamatnugutan sa Operasyon." Inilabas nito ang isang mapa, binuklat.

"Narito tayo ngayon," anito, at nilagyan ng ekis ang mapa. "Ang kaaway ay nagtatag ng isang detatsment ng BSDU[1] sa baryong ito. Ngayon, kailangang mapasok natin ang bayan ng A., upang salubungin natin ang grupo ni Ka Roger na nasa

1 BSDU - Barrio Self-Defense Unit

lugar na ito ngayon. Sa gayo'y maaari nating mapaligiran ang kaaway dito…Ano sa palagay mo?"

Matagal na pinagmasdan niya ang mga lugar na itinuro ni Ka Cely sa mapa at taimtim na pinag-aralan. Maya-maya'y naramdaman niyang tumayo ito. Tinungo ang bintana, isinandig ang kamay sa pasimano at dumungaw sa labas na parang may inaaninaw sa karimlan. Nang bumaling ito sa kanya'y may bago na namang naisip. "Siyanga pala, Ka Lando. Ang baryong ito ay puwede nang atrasan at pagpulungan ng grupo ninyo. Kanina lang ay naghalalan ang mga mamamayan at itinatag dito ang Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo. Naayos na rin ang lupang tatamnan natin at pangangalapan ng produksyon ng Hukbo."

"Napag-usapan ba sa pulong ang tungkol sa bilihan ng saging?"
"Hindi. Pero puwede nating isangguni sa Komite. Bakit, may kinalabasan na ba ang pakikipag-usap ninyo kay Ka Nick?"
"Nagbigay si Ka Nick ng mga kaalyado nating mammimili ng saging. At sa halip na onse pesos ang bili nila sa isang libo, magiging katorse daw."
"Mahusay kung gayon. Kanina rin pala'y napagkayarian na diyes sentimos na ang iaambag ng bawat isang magsasakang makapagbibili ng sanlibong saging. Ang singko ay mapupunta sa Komite at ang singko ay tulong sa atin. Ano sa palagay mo?"
"Saan daw naman gagamitin ng Komite ang perang malilikom nila?"
"Magtatayo daw sila ng isang kooperatiba dito sa baryo at ang iba nama'y ibibili nila ng gamot para sa taong baryo."
"A, oo nga ano. Mahusay nga namang proyekto ang kooperatiba."


May tumilaok na manok at napakislot si Ka Cely. "Gabi na pala," anito, "alas onse y medya na. Mabuti pa'y matulog na tayo, kasama." Inakbayan siya nito at tinapik sa likod. "Siyanga pala, Ka Lando, binabati kita. Mahusay ang naging pagkilos ng grupo ninyo sa tatlong buwang pagiging pinuno mo. Ipagpatuloy mo kasama…" Nakangiting lumayo ito sa kanya, patiyad na pumasok sa silid. "Bukas, ala una pala ang

alis natin patungong D.," pahabol nito.

Dumungaw siya sa bintana at kagyat na humaplos sa mukha niya ang malamig na simoy ng hangin. *"Tandaan lang nating parang isang sanga ng malusog na punongkahoy ang nabali, ang katawan, ating simulain ay nananatiling nakatindig…"* Napakagandang pangungusap, nasambit niya sa sarili, paalala sa mga katulad kong kalimita'y takot harapin ang katotohanan ng kamatayan sa pakikibaka. At sa paghiga niya sa gabing yao'y hindi maalis-alis sa isip niya ang mga katagang iyon ni Ka Cely…

Kinabukasan, ala-una ng hapon. Nakatipon ang grupo nila at nakagayak nang lumakad. May mga nagpapabaon ng saging, sintones, mga kakanin. Nag-aagawan ang mga lokal na gerilya sa paghahatid sa kanila sa hantungan ng baryo. Walang anu-ano'y nagitla silang lahat sa sigaw ng isang lalaking humahangos na papalapit. "Mga kasama, mga kasama," halos mawala ang hiningang sigaw nito. "Si Inggo, ang mangangalabaw sa ibayo, may kasamang santrak na kaaway!"

Hindi pa nito natatapos ang pagsasalita'y rumaragatak na ang mga punglo mula sa matataas na kalibreng baril.



"Dapa, mga kasama," pasigaw na utos niya sa lahat, at nagdapaan sila. "Sina Ka Pitong at Ka Oca ay mauuna munang umatras, alagaang mabuti ang mga tao. Ka Julie, Ka Ped at Ka Mario, maiiwan tayo. Alalayan natin sina Ka Cely. Bilis lang, mga kasama!" At kagyat namang sumunod ang lahat sa mga habilin niya.

Kasama ang tatlong kasapi ng grupo, nagpagulung-gulong sila sa lupa hanggang makarating sa bahay na kagabi lamang ay pinagdausan ng masiglang talakayan. Inilapit niya ang sarili sa isang bintana at sumigaw. "Ka Cely, talon na!" at pagkasabi nito'y kagyat siyang lumipat sa isang bintana, nagtago sa posteng katapat

nito at nagpaputok. Sa itaas ay narinig niya ang panatag na boses ni Ka Cely.

"Sige na, mga kasama, mauna na kayo." Dalawang magkasunod na katawan ang bumagsak sa lupa, gumulong at dahan-dahang umatras na paminsan-minsa'y nagpaputok. Inuulan na ng punglo ang buong bahay; animo'y niyayanig ng lindol sa bawat tama ng baril; wasak na ang isang parte ng dinding na yari sa nipa at mga bintanang kanina'y mahusay na natutukuran, ngayon ay lupaypay na sa lupa. Ang mga taong-baryo'y tahimik na kumukubli sa kani-kanilang mga kubo; wala silang narinig na mga pasaklolo, o hibik ng mga babae.

"Talon na, Ka Cely," pamuling sigaw pa rin niya habang patuloy na nagpapaputok at iniiwasan ang mga humahaging na punglo sa posteng pinagtataguan niya. Narinig niyang may bumagsak sa lupa, at gumulong. Inut-inot at payuko siyang umatras, at nagsabay silang dalawa na nagpagulong-gulong hanggang sa kalapit na tubuhan. Nilingon niya si Ka Cely at nakita niya itong nakatayo, nagpapaputok at sa likod nito'y dumadaloy ang masaganang dugo.

"Ka Cely!"
"Kasama, makibaka hanggang sa tagumpay!" sumigaw ito, at humakbang ng tatlong dipa bago nabuwal na nakasuntok ang kamao.

Nanginginig ang buong katawan at kagat-kagat ang mga labing iniamba niya ang baril sa pinanggagalingan ng mga putok, kinalabit ang gatilyo at ang sunud-sunod na pagpalag ng baril sa balikat ay siya ring pagpatak ng mga butil ng luha sa kanyang mga mata. Di sinasadya'y nagagap niya ang kaliwang braso…may dugo! May tama rin siya…at noon na lamang niya naramdaman ang kirot.

"Dito, kasama, dali!" at nakita niyang may nag-abot ng kamay. Kinabig siya at kinarga sa likod at tumakbong paekis-ekis sa may tubuhan.

Naramdaman niyang nanghihina na siya at halos di na makayanang hawakan ang baril. Pilit niyang kinikilatis kung sinong kasapi ng grupo ang bumubuhat sa kanya.

Walang dala-dalang baril ito, at itak lamang ang nakasakbit sa baywang.  Si Ka Lucio marahil ito, o isa sa mga lokal na gerilya…naisaloob niya. At dito'y nanlabo ang paningin niya, para siyang inaantok…

May sumisipol ng isang awitin at sa isip niya ay nabuo ang mga titik niyon:
*Lingunin mo Inang Bayan,*
*Mandirigmang matatapang,*
*Sa hirap at kamatayan,*
*Ay handang makilaban…*

At parang naalimpungatang ibinuka niya ang kanyang mga mata. May benda na ang kanyang kaliwang braso.  Inilibot ang paningin.  Naroon at nakabantay sa tabi niya si Udong, habang nakasalampak naman sa paligid niya sina Ka Ped, Ka Mario at Ka Julie.  Dahan-dahan siyang bumangon, inilapat ang kanang palad sa sugat na sa wari niya'y hindi kumikirot.  Tahimik na umupo. Pagkuwa'y inakbayan si Udong, tinapik-tapik sa likod habang walang imik namang pinagmamasdan siya ng bata.  "Ipagpapatuloy natin ang ipinaglaban ni Ka Cely, di ba, kasama?" at ngumiti siya, tumayo, muling tiningnan ang kaliwang braso, at inut-inot na humakbang patungo sa bintana. Sa sandaling yao'y nilapitan siya ni Ka Julie at may ibinulong ito sa kanya.  Napatigil siya, matagal na tinitigan si Ka Julie, pagkuwa'y tumingin sa iba pang mga kasama niya na pawang walang kibo.  Yumuko siya, inut-inot na tinungo ang bintana, isinandig ang kamao sa pasimano at tumanaw sa labas.



"Crispin Tagamolila…Ka Cely…pinili niyang ihandog ang buhay niya sa rebolusyon…Kahanga-hanga ka, Kasama!" nasambit niya.  Matagal na pinagmasdan at nilaro ng mata niya ang mga pumapatak na hamog mula sa mga sariwang dahon ng isang punongkahoy na katapat ng bintana.

*Si Ka Cely ay si Crispin Tagamolila, isang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na nagmartir noong Abril 16, 1972 sa isang labanan sa Echague, Isabela. Siya ay dating tinyente ng reaksyunaryong hukbo. Namulat siya sa kabulukan ng naghaharing sistema at ng Armed Forces of the Philippines (AFP), kaya't sumampa sa BHB noong Marso 29, 1971. Napamahal sa masa at mga kasama sa Ka Cely dahil sa pagiging masayahin, mapagkumbaba, matatag at mapaglingkod.*

*Nailathala ang kathang ito sa "Dare to Struggle, Dare to Win;" Tomo I, Blg 3-4, Abril-Mayo 1973. Muling inilathala ng* ***ULOS*** *na may karampatang pagsasaayos.*

*Ang mga obrang biswal sa kathang ito ay mula sa koleksyon ng Panay.*



*Ang Partido*
*ay ang abanteng detatsment*
*ng proletaryado*
*at ng rebolusyong Pilipino.*
*Kung wala ang talibang ito,*
*ang rebolusyonaryong kilusang masa*
*na nagdadala*
*ng linyang bagong demokratiko*
*ay hindi mabubuo*
*at makasusulong.*

*Mula sa "Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali," Komite Sentral, PKP, Hulyo 1992.*

# Ang Giya

Ni Emmanuel Gatlabayan II

Sa liko at likaw ng landas, matalas
alisto sa paggagap, pagtiyak
na makaiwas sa balawis at panganib;
pinag-aralan ang bawat hakbang
upang di mawaglit mang minsan
ang giya ay mandirigmang bihasa
sa daang ligtas, ang buong yunit.

At sa harap ng kaaway, matapang
ang giya'y hindi mauunahan
punglong naniningil ng pautang
ang putok ng baril na tangan;
tumitindig, walang maliw sa pagsalig
makauring linya, batayang mahigpit
sa pang-aapi't pagsasamantala,
aserong gumagapi ang bala.

Sapagkat abanteng taliba ang giya
matatag ang tindig sa kilos at isip
taglay ang tikas ng katiyakang
marating ang lunang duyan ng malaya;
isang bagong umaga ng layuning
pinanday sa praktika ng digma
pinagtibay ng teoryang patnubay
halaw sa mga dakilang aral.



*mula sa arkibo ng ULOS*

At sakali mang malihis
sa wastong landas mahiwalay
ang giya, ang partido
dakilang Kilusang Pagwawasto'y
magtutuwid ng kamalian

*Sinulat noong ika-29 ng Marso 1997, sa Gitnang Luzon. Nailathala sa **Ulos**, 1997.*

# Ang Tulang Patalim

Ni Jose Ma. Sison

Masdan ang tulang patalim
Banat at sintalas ng labaha
May lamig at kislap ng pilak
Sa liwanag o dilim.

Tingnan kung paano lumipad
Ang itim-ibong puluhang
Hiniyasan ng perlas
Sa matatag makilos na kamay.

Tingnan sa magkabilang pisngi
Ng dahong bakal
Ang mabulas at pinong lagablab ng apoy
Gintong inukitan ng mga larawan.

Sa isang pisngi'y mga manggagawang
Pinagtangi-tangi ng sibat at bakal
Pugon, martilyo't pandayan
Tubig at hasaan
Araro't kalabaw sa bukid
Kabibe sa dagat
Pang-ukit at pangtunaw
Mangkok ng asido sa hapag

Sa kabilang pisngi'y
Yaon ding mga manggagawang nangagtipon
May matwid at handang lumaban
Sa tanglaw ng maalab na bandila.

Pinagiging-ganap ang pag-aalsa
Ang mga pwersa sa paggawa't
Nanghihikayat ng isa pang pagsulong
Sapol ang subok nang sandata.

Sapuling maigi ang tulang patalim
Hayaan siyang umawit sa iyong kamay
Itong kampila'y agimat
Ng mamamayang pula ang tanda.

*Sinulat noong Marso, 1982. Salin mula sa orihinal na Ingles na may pamagat na "The Bladed Poem". Nailathala sa kuleksyon ng mga tula ng may-akda na pinamagatang "Sa Loob at Labas ng Piitan."*



*mula sa ULOS 1996*



*Ngunit ang demokratikong sentralismo*
*ay hindi lamang ang demokratiko*
*at kolektibong proseso ng pagpapasya.*
*Ang mga desisyon*
*ay kailangang sumang-ayon*
*sa mga batayang prinsipyong diwa*
*ng pag-iral ng Partido.*

*Mula sa "Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali," Komite Sentral, PKP, Hulyo 1992.*

# Linyang Masa

Ni Clarita Roja

Tanong ng matandang hindi makumbinsi:
Bakit si Andong, laging handang tumulong
Pagtatayo man ng bakod, pag-aalaga ng bata
O pagpupunla ng binhi?

Kung alam mo lang, Tanda,
Ang bulong namin sa hangin.
*Komunista siya, siya'y kaibigan.*

Tanong ng matandang hindi makumbinsi:
Bakit si Andong, nagsumikap na mapag-isa
Lahat ng tagabaryo, upang magtayo
Kanilang sariling kooperatiba?

Kung alam mo lamang, Tanda,
Ang bulong namin sa hangin.
*Komunista siya, siya'y kaibigan.*

Tanong ng matandang noo'y di makumbinsi:
Bakit si Andong, nangahas magharap ng demandang
Ibaba ang ani sa lupa
Sa hayop na amo namin, si Don Ferding mapang-api?

Kung alam mo lamang, Tanda,
Ang bulong namin sa hangin.
*Komunista siya, siya'y kaibigan.*


Tanong ng matandang noon nakumbinsi:
Bakit si Andong, nagtiyagang magpaliwanag
Sa paraang maamo't nakangiting lagi,
Sa aking tinaguriang matigas ang kokote?

Kung alam lang nila, ani Tanda,
Umaapaw ang paghanga,
*Komunista siya, siya'y kaibigan.*

Tanong ng matandang lubos na nakumbinsi:
Bakit si Andong, buhay ay ibinuwis,
Para sa aming maliliit na hindi kaanu-ano
Matapos ang lahat ng kanyang pagtitiis?

Kung alam lang nila, ani Tandang
Matatag ang paninindigan.
*Komunista siya. Siya'y kaibigan.*

*Sinulat noong Pebrero, 1974. Nailathala sa "Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino (1972-1980)," 1982.*




*mula sa koleksyon ng Panay*

# Sa Aking Asawa

Ni Sylvia Madiaga

Walang mga rosas para sa iyong bulsa,
Walang sampaguita para sa aking buhok
Ngunit sa pagitan natin, ating alam
Pag-ibig ay palaging nanduon
Pinatibay ng mga apoy ng laban
Sinubhan ng disiplina sa paglilingkod
Kinalinga ng init ng pagsusuno sa mga tagumpay at hirap
Sapagkat pag-ibig lang ang tanging bagay na ating maaangkin
Dito, sa ating daigdig kung saan ang Kagutuman ay kapatid
At ang Sakit ay hamon lamang laban sa Takot;
Ang Tahanan ay kung saan tayo nagpapakahirap sa trabaho kasama ang masa
Para sa kinabukasang palaging kaylapit
Kung saan ang distansya ay hindi usapin ng mga kilometro
Kundi ng mga larangang hindi pa nabubuksan
At mga linya ng kaaway na hindi pa natatawiran,
Kung saan ang oras ay sinusukat ng mga tungkuling gagampanan, gawaing tatapusin.

Huwag akong titigan nang lubhang magiliw, baka tumigil ka sa pagiging alerto
Huwag kumapit nang napakatagal sa akin, ipahinga lang ang iyong pagal na sarili
Huwag akong haplusin nang lubhang marahan,
kung itatanggi ang aking mga sugat ng pang-aapi
Huwag bumulong ng mga salitang lubhang matamis,
palakasin lamang ang aking tapang na lumaban.
Habang nagliliyab ang ating pagmamahal sa sambayanan
Hindi manlalamig ang ating pag-ibig,
Sapagkat tayo ay mula sa masa at
Ang paglilingkod ay panata na tangan natin.
Ang palayain ang bayang ito sa pagkakagapos
Ay ang tanging pangarap natin

Dahil ako ay gerilya
At ikaw ay aking kasama.

*Salin mula sa orihinal na Ingles na may pamagat na "To My Husband." Sinulat noong Enero, 1984.*



*mula sa ULOS Samar 2000*



*Ang itinuturing ng PKP sa ngayon na pinakamalaking paghamon sa gawaing teoretikal sa hanay ng lahat ng mga proletaryong rebolusyonaryo, kabilang na ang mga komunistang Pilipino, ay ang paghalaw sa mga aral mula sa matagalan at mapayapang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa mga sosyalistang bansa. Gayundin, ang pag-unawa sa paraan ng pagpapatuloy ng rebolusyon, pagbaka sa makabagong rebisyunismo at ang pagsagka sa pagpapanumbalik ng kapitalismo sa sosyalistang lipunan pati na ang pakikibaka para sa sosyalismo kailanman pinapalitan ito ng kapitalismo.*

*Mula sa "Manindigan para sa Sosyalismo, Laban sa Modernong Rebisyunismo," ni Armando Liwanag, Tagapangulo, Komite Sentral, Partido Komunista ng Pilipinas, Enero 1992.*

# Ang Kabiguan Ay May Pangakong Tagumpay

Ni Wilfredo Gacosta

napakapait tanggapin ang paulit-ulit
na pagkalugmok
sa paulit-ulit na pagbabangon
laluna't kung sa bawat pagbabangon
ay may pangakong pagtataguyod
ngunit sa bahagyang pag-angat
ng nagdurugong tuhod,
mga inaasahang kapanalig ang mga Lavang
dadagok.

kasumpa-sumpang krimen ang pagkakanulo
laluna't ang biktimang pinapagbuhat
ng parusang krus
ay bayang ipapako sa kalbaryong pulo.
hubad silang papanaw
at tatakasan ng dugo.
at ang kahuli-hulihang saplot
ay ipupusta ng mga dayong tanod.

krimeng karumal-dumal din ng mga naglalamay
kung yuyuko't luluha na lamang
sa dumaraming bangkay,
ipipikit ang mga mata sa nagbubunyi pang kataksilan
at tuluyang patatamlayin
ng pesimistang pananaw.

ang nagdurugong tuhod
ay hahayaan bang mamaga?
ang mga katawang luray
ay hahayaang manlupaypay?
ang kinakapos na paghinga
ay hahayaang maputol sa tuluyang pagluhod
sa pilosopiyang baligho—

“huwag kang bumangon upang di na
malugmok?”
sa pagkalugmok natututuhan
ang matatag na pagbabangon;
sa gitna ng dilim
ang liwanag ay nakasisilaw;
sa kataksilan nakikilalang higit
ang katapatan.



*mula sa ULOS 1997*

di malalabag ang batas ng kalikasan,
ng pag-unlad ng kasaysayan—
may pag-asa sa kawalan ng pag-asa,
may tumutubong bulaklak sa libingan;
ang kabiguan ay may pangakong tagumpay;
ang madilim na gabi
ay may pangakong bukang-liwayway!

*Si Wilfredo Gacosta, kilala bilang “Ka Nards”, ay nagsimulang kumilos sa bayang sinilangan, sa Barcelona, Sorsogon. Nagresayn siya bilang guro sa lokal na pamantasan para magpultaym sa kanayunan. Sa gawaing edukasyon ang kanyang naging pangunahing tungkulin sa kilusan. Nanguna siya sa pagtatakwil sa oportunistang linyang palasuko ng pangkating Sanchez-Gapud-Bautista-Labitag noong 1974. Napatay siya sa isang enkwentro noong ika-13 ng Oktubre, 1977 (Tala mula sa “STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas”, 1989).*

*Ang tulang ito ay sinulat noong Agosto, 1975. Nailathala kasama ang iba pang mga tula ng may-akda sa kanyang kuleksyon na pinamagatang “Mga Tula ng Isang Pulang Mandirigma,” Disyembre 1976, sa ilalim ng sagisag sa panulat na Geronimo Dulongtimog. Nailathala rin sa “STR: Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas,” 1989; at sa **Ulos**, Hunyo 1998.*

# Paalala kay Madlangbayan (Sa mga kasamang nagdadalawang-isip)

Ni Celso Sinag

Ang isang makata ay kasintibay ng kanyang salita
Ang kanyang tula ay singhusay lang ng kanyang pandama
Ang kanyang akda ay awit lamang ng kanyang diwa
Ng kanyang paninindigan para sa kung ano ang tama

Kung ang paninindigan para sa masa ay sukdulang mawala
Kung tatalikdan ang mga prinsipyo at paniniwala
Kung bibitiwan ang proletaryong rebolusyonaryong adhika
Talino sa pananalita't pagtutula'y mawawalang bisa

Magnilay ka, maglagom at balik-balikan ang panata
Sa iyong alaala'y buong katapatan mong isariwa
Proletaryong teorya'y tapat na ilapat sa praktika
Itaguyod—batayang prinsipyo't pangkalahatang linya

Sa gayon lamang ganap na magpapanibagong sigla
Sa gayon lamang muling magkakabuhay ang dating tala
Sa gayon lamang mga bagong awit at tula mong malilikha
Magiging panitik ng masa't rebolusyonaryong pakikibaka

*Nailathala sa **Ulos**, 1997.*



*mula sa koleksyon ng Kordilyera*

# Apatnapung Taon!

Nina Kasamang Helena at Yona

Higit palang may lakas na pwedeng magmula
sa pagkadapa, at sa muling pagtindig.
Yakap ang aral ng karanasan,
ng wasto at kamalian.

Hindi man sindali ng pagkuyom ng palad
ang pagbangon,
Di man tulad ng aliwalas ng bukang liwayway
ang sumalubong sa pagtindig
ng pagwawasto,
may umurongma't tumalikod
subalit marami…
higit na marami ang nagpatuloy
upang muling magpunla!

Sa kinang ng ginintuang maso at karit
na pinalago, pinayabong
ng pulang silahis ng Marxismo-Leninismo-Maoismo,
Muling sumulong!
At muli,
muling sumigla ang daluyong ng rebolusyon.

Sumulong tayo at ngayo'y
Lumalawak pa ang saklaw ng 130 larangan
Na kanlungan ng libong kadre't hukbo
Sa duyan ng libu-libong masa na higit pang napagtanto
Na rebolusyon nga ang sagot!

Apatnapung taon! Apatnapung taon!
Tungo sa pagpapawi ng pambubusabos
ng naghahari at nabubulok na uri.
Apatnapung taon! Apatnapung taon ng Digmang Bayan!
Apatnapung taon papalapit
Sa pag-ani, sa pagwawagi.

Pagkat sa sistemang
umuulan ang taga ng
karahasan, kahirapan at kagutuman,
walang kalasag ang naghaharing-uri
Upang iwasan ang huling korte
nang pagtatagisan.

Sa korteng hindi kikilalanin ang kanilang batas,
sa korteng hindi mga buwitreng abugado at hungkag na
husgado ang pakikinggan.
Dito, dito sa korte ng masa ang magpapasya
At proleryadong katarungan ang ipanghuhusga.

Nagsimula na ang hudyat
at lalo pang hihigit ang dahas
pagkat ang masa'y malaon nang nagpasya
Na hukayin ang tatlong bundok
ng pang-aapi at pagsasamantala.

Ito ang ating digma!
At tayo'y magwawagi.
At sila,
silang naghahari at nabubulok na uri
ang madudurog,
magiging alikabok sa mga sakahang
Hinawan at pinagyaman ng sambayanan!
At sa malaya nang bisig ng mga proletaryado
Ay paandarin at pauunlarin ang makina
ng isang lipunang sosyalista.

Kaya mga kasama,
Higpitan ang hawak sa ating bandila at mga sandata.
Mula sa pulang dugo na umagos sa ating mga martir,
mula sa alab ng batayang alyansa
ng manggagawa at magsasaka,

Sa tapang at giting ng paglilingkod ng
Bagong Hukbong Bayan
At sa pamumuno ng ating Partido –
Kamtin ang tagumpay ng apatnapung taon
Ng Partido Komunista ng Pilipinas
At ng Demokratikong Rebolusyong Bayan!




*mula sa koleksyon ng Kordilyera*

# Pasasalamat

Nagpapasalamat ang Patnugutan ng ***Ulos*** sa mga sumusunod na kasama na tumulong sa pagbubuo ng isyung ito ng ***Ulos*** at ng CD accompaniment: sina Kasamang Rawna, Lesley, Miguel, Leon, Owen, Khaki at Leroy. Mabuhay kayo mga kasama!

Kinikilala din ng Patnugutan ng ***Ulos*** ang mga sumusunod na pinaghanguan ng mga obrang panitikan, biswal at awit na muling inilathala sa isyung ito o naisama sa *CD accompaniment*: Dare to Struggle, Dare to Win; Kamao; Mga Tula ng Rebolusyong Pilipino; Sa Tagumpay ng Rebolusyong Pilipino; Batayang Kurso sa Partido; Kuleksyon ng mga obrang biswal ng Panay, Bikol, Kordilyera, at Timog Mindanao; Dangadang Songbuk; Himig ng Himagsikan; Mga Kanta ng Rebolusyong Pilipino Bolyum 1 at 2; Mga Awit sa Ating Panahon; Alab ng Digmang-Bayan Bolyum 1 at 2; at album ng mga sumusunod: Samar, Panday Sining, TAMBISAN at Bonifacio Choir.